

MGA HEBREO,

IKAANIM NA KABANATA ²



... upang pag-aralan ang Kanyang napakahalagang Salita.

Pumasok ako, kani-kanina, at dala-dala ko ang dalawang Biblia. At nagpaunlak ako ng isang maiksing panayam sa isang binibini diyan sa may likuran, at sinabi ko sa kanyang kung mangangaral ako gamit ang dalawang ito, magkakaroon nga tayo ng napakainam na teksto. Heto nga't ang isa pong ito ay Griyegong lexicon, sakaling may gusto akong basahin mula rito, ngayong gabi. Ito'y isang—ito'y isang. . . Ito'y ang salita-salitang pagsasalin, mula sa orihinal na Griyego, sa Ingles. At napakalaki na ng naitulong nito sa akin noon pa man. At ako nga'y magbabasa-basa mula rito, dahil ngayong pinag-aaralan natin ang Aklat ng Mga Hebreo, papunta na tayo sa talagang malalalim na mga kahulugan.

²¹⁹ At sinabi ko kay Kapatid na Neville, kanina, “Papunta na tayo sa bahaging mapapakamot ng kanilang ulo ang mga tao at sasabihin, ‘Hindi ako naniniwala riyen.’” Kita n’yo? Diyan sa bahaging ’yan tayo papunta. Gustung-gusto nga natin diyan.

²²⁰ May ministrong nagsabi sa akin, sabi niya, “Buweno, sa palagay ko maraming mapapakamot n’yan sa ulo.”

²²¹ Sabi ko, “Yan ang gusto nating gawin.” Kita n’yo?

²²² Maaari lang magkaroon ng isang kahulugan ang Biblia. Hindi ito maaaring magkaroon ng dalawang kahulugan. At kung sinasabi ng isang bahagi ng Biblia ang isang bagay, at ang sinasabi naman ng isa pang bahagi ay iba, kung gayo’y may mali. Kita n’yo? Kinakailangan nitong sabihin ang siyang bagay, mula pasimula hanggang wakas. Ngunit, alalahanin n’yo, sa pag-aaral ng Biblia, “Inilihim ito sa mga mata ng pantas at matatalino, at ipinahayag sa mga sanggol,” sapagkat ito ay patungkol sa isang espirituwal na Aklat.

²²³ At hindi Ito kanluraning aklat. Isa itong silanganing aklat. At may iisa lamang na makapagpapaliwanag Nito, at iyon ang Espiritu Santo. Alam kong nais sabihin ng bawat isa sa atin, na, “Sinasabi sa amin ng Espiritu kung ano ang paniniwala namin Dito.” Buweno, ngayon, kung ang bawat Kasulatan ay lumilinya nang ganap na magkakalakip-lakip, kung gayo’y ang Espiritu Santo nga iyon. Kung hindi iyon lumilinya, at may puwang *dito*, at may puwang naman sa banda *rito*, kung gayo’y may mali sa ating paniniwala. At, oh, isa nga talaga Itong kamanghamanghang Aklat.

²²⁴ Ngayon, nais kong gawin n'yo ito habang nag-aaral tayo. Ngayon, luluwas kami nang maaga kinaumagahan papuntang Wyoming, kung loloobin ng Panginoon. Idalangin n'yo kami.

At itong susunod na linggo, si Kapatid na Graham Snelling, dito. . . Narito siya. Narinig ko siya, kanina, na may ipinabatid. At ang iglesya ngang ito ay lubos na sumusuporta sa kanyang rebaybal. At idinadalangin natin sa Diyos, na pagkalooban siya nang nag-uumapaw, sa saganang, dakilang rebaybal. Nagdaos ng isang rebaybal si Kapatid na Graham para kay Kapatid. . . dito banda sa Charlestown, Kapatid na Junior Cash, at nasa sandaan ang nahikayat doon sa pananampalataya, sa pagkakaalam ko. [May nagsasabi, "Walumpu't apat."—Pat.] Walumpu't apat na mga nahikayat sa pananampalataya. Kaya, naman, ibinabalik natin sa Diyos ang kapurihan. At umaasa tayong magkakaroon ng limang daan at walumpu't apat naman dito, sa dako rito.

²²⁵ Nakipagkita si Kapatid na Graham sa akin ngayong araw, at sabi niya, "Ngayon, Kapatid na Bill, tiyak kong nauunawaan mo na hindi ako naparito upang magpasimula ng ibang gawain na laban sa tabernakulo, dahil kabahagi ako ng tabernakulo." Naririto lang siya upang. . . Nadama niya sa kanyang puso na nais niyang magdaos ng isang rebaybal, at pinangunahan siya ng Panginoon na gawin 'yun. At—at inaanyayahan niya ang mga nahikayat sa pananampalataya, na may simbahan na rito, na madadaluhan, "Ito nga'y isang tahanan para sa mga mananamba, na maaari kayong pumunta, na mga bago sa pananampalataya."

²²⁶ At tungkulin nga natin, bilang mga Cristiano, ang suportahan siya nang buo nating makakaya. At pagpalain ng Panginoon si Kapatid na Graham. At kayo po, ang bawat isa, ay malugod na inaanyayahan sa pagtitipon ni Kapatid na Graham dito, na may ganap na pahintulot mula sa iglesyang ito, na may buong suporta upang tulungan siya sa anumang paraan na magagawa natin, para sa mga kaluluwang naliligaw at para sa Kaharian ng Diyos.

²²⁷ Pagpalain ka ng Panginoon, Kapatid na Graham, nawa'y pagkalooban ka pa ng maiinam na mga pagtitipon. Hindi niya alam kung hanggang kailan 'yan matapos. Nasa pagsisimula pa lang siya. At hayan nga't, nararanasan na ni Kapatid na Graham ang mga naranasan ko, minsan *nasa itaas* minsan *nasa ibaba*. Ganoon kasi ang takbo ng buhay. Napahahalagahan mo ang pagkakataong *nasa itaas* ka matapos mong manggaling sa *ibaba*. Kung bubulusok pababa ang isang tao at malulugmok na lang doon, isa siyang duwag. Mataas ang respeto ko kapag babangon ang isang tao at susubok uli. Siyanga. Tiyak kong nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin. Ngayon, huwag n'yo nga itong kalilimutan, sa darating na sanglinggo.

228 Ngayon, sa Aklat na ito ng Mga Hebreo, hindi na tayo magbabalik-tanaw ngayong gabi.

229 Ngayon, sa susunod na Linggo, kung loobin ng Panginoon, ipababatid ni Kapatid na Neville. Ipapaalam dito ni Kapatid na Cox, o kung sinuman, sa kanila, kung makararating kami sa oras para sa pagtitipon sa susunod na Linggo. Ipababatid niya 'yan sa radyo. At tayo'y . . . Makinig kayong lahat sa programa niya sa radyo, at—at—at himukin n'yo ang lahat ng mga kapitbahay n'yo na makinig din. Talagang napupuspos ako ng kagalakan sa pakikinig ng pangangaral nila at pag-aawitan, ng Neville quartet. Hindi ko sinasabi lang 'yan dahil nakaupo siya rito. Kung ganyan nga ang sinasabi ko, at hindi naman talaga galing sa puso ko, mapagkunwari ang labas ko n'yan. Siyanga. Dapat nga akong magsisi. Subalit galing 'yan sa puso ko. At mas nanaisin ko pang bigyan ko na siya ng isang munting putol ng rosas ngayon kaysa sa isang buong buntong bulaklak sa kanyang pagpanaw.

230 May isang beses nung papalabas na ako dun sa pintuan, at may binibining lumapit, at sabi niya, "Kapatid na Branham, oh, talagang nasiyahan ako sa mensahe!"

231 Sabi ko, "Salamat." Ang sarap nun sa pakiramdam.

232 May isa pang lumapit, ang sabi, "Kapatid na Branham, nasiyahan ako sa mensahe."

233 Sabi ko, "Salamat."

234 May isang mangangaral doon, mula rito sa hilagang bahagi ng bansa, ng estado, sabi niya, "Purihin ang Diyos, kasi ako ayaw kong ipagmalaki ako ng mga tao gaya n'yan."

235 Sabi ko, "Ako gusto ko." At sabi ko, "Yan nga ang pinagkaiba nating dalawa. Gusto ko lamang magpakatotoo sa bagay na 'yan." Siyanga. Gusto nating lahat na makarinig ng magagandang mga salita patungkol sa atin. At sa aking—aking palagay ay mainam namang magsabi ng mabubuting salita sa bagay na 'yan. At kung nais n'yong magsabi ang isang tao ng mabubuting salita tungkol sa inyo, magsalita rin naman kayo ng mabubuting salita tungkol sa ibang tao. Ganoon nga 'yun, at pagkatapos nun palagi na kayo n'yang makapagsasalita ng mga nagbubutihang bagay tungkol sa iba. At tuluy-tuloy lang ang napakainam na paggulong n'yan.

236 Ngayon, sa, susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon, palagay ko'y, narito na tayo, sa sadyang palalim na nang palalim na pagtalakay sa mga dakilang hiwagang ito ng Diyos. Patungo na tayo kay Melquisedec: Kung Sino Siya, saan Siya nagmula, saan Siya nagtungo, kung anong nangyari sa Kanya, at lahat ng tungkol kay Melquisedec.

237 At ngayon, nung nakaraang Miyerkules ng gabi, natalakay ni Kapatid na Neville ang pagtatapos na kabanata patungkol

sa kataas-taasang pagka-Diyos at ang pagkasaserdote ng ating Panginoong Jesus, na nagmula pa sa pasimula, “Ang Diyos, na nagsalita sa ating mga magulang sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus.”

²³⁸ Pagkatapos ay nagpatuloy siya, at sinimulang saysayin at balangkasin kung sino Siya, tinugaygay Siya hanggang dito sa ika-5 kabanata, sa pagtatapos ng ika-5 kabanata.

²³⁹ Pagkatapos naman itong pagsisimula ng ika-6 na kabanata, natalakay na nga natin ito sa aralin natin kaninang umaga.

Kaya’t tayo’y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan;. . .

²⁴⁰ Ilan ang nasiyahan sa mensahe tungkol sa kasakdalan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan.” Iyan nga ang mensahe natin, kaninang umaga, sa ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo.

²⁴¹ Ngayon patungo na tayo sa dako kung saan sinisimulan na nating tumugaygay sa—sa siyang pinakabahagi. Oh, maaari nga tayong magkasundo-sundong lahat sa mga bagay na ito: sa pagka-Diyos ni Cristo; at Siya bilang ang Anak ng Diyos; at kung papaanong Siya ay sumasa Diyos, at ang Diyos ay sumasa Kanya; at Siya ay nasa Diyos, at ang Diyos sa Kanya, at iba pa. Nagkakasundo tayong lahat diyan. Ngunit, ngayon, magmula rito, hindi ko alam kung papaano tayo magkakasundo. Kaya sa bagay na ito, may ilang mga gabing, bibigyan namin kayo ng pagkakataong sulatan ako sa kapisang papel at sabihin n’yo sa akin kung ano ang naiisip n’yo tungkol Dito.

²⁴² Pagkatapos ay sasagutin ko ang mga tanong. At sakaling hindi ko masagot ang mga ito, sasabihin ko, “Kapatid na Neville, anong kuha mo doon?” Sasabihin ko, “Hayan po siya. Siya ang sasagot nito.” [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Sa puntong ’yan babasahin ko ang Griyego.”—Pat.] Sa puntong ’yan ay kanya ngang babasahin ang lexicon, kukunin ’yun sa Griyego. Sa palagay ko’y panahon na para gawin ko, rin ’yan.

²⁴³ Ngunit, ngayon, kung maaari nga’y magpakababa tayo at maging totoong tapat, at pumarito na iisa ang layunin, at ’yun ay, ang matuto. Nais ko ring matuto, ganoon nga. At sa Biblia ay nasusulat dun, sabi, “Ito nga’y. . . Unawain ninyong walang makakapagpaliwanag ng Kasulatan sa sariling kakayahan.” Ang ibig sabihin n’yan ay kailangang ipaliwanag ng Kasulatan ang Kasulatan. Kita n’yo? Ipinaliliwanag ng bawat Kasulatan ang isa pa, mula pasimula hanggang wakas ng Biblia, upang maging isa itong napakadakilang bagay. Dahil nga sa, hindi maaaring magbago ang Diyos, dahil Siya ang dinagbabagong Diyos.

244 Ngayon, “Tumigil na . . .”

Kaya’t tayo’y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan;. . .

245 Gustung-gusto kong sinasabi ni Pablo ang ganyang mga bagay. Si Pablo ay hindi ’yung tipo ng taong gusto na lang manatili nang masyadong matagal sa isang lugar. Gusto niyang magpatuloy, sa malalalim. Minsan, sa Kasulatan, sinabi niya, “Akin ngang, nililimot ang mga bagay na nasa nakaraan, nagtutumulín ako sa hangganan ng dakilang pagtawag.” Kita n’yo? Patuloy siyang nagtutumulín.

246 Dito nga’y sinabi niya:

Ngayon nililimot ang mga unang simulain ng aral ni Cristo (kung sino Siya, kung ano Siya), at tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan;. . .

247 Ngayon atin ngang, unang-una sa lahat, nais nga nating malaman, “Maaari ba tayong maging *sakdal*?” At nalaman nga natin, sa Mga Kasulatan kaninang umaga, sa Mateo 5:28, na sinabi ni Jesus na tayo “nga’y mangagpakasakdal na gaya ng Diyos na sakdal,” kundi ay hindi tayo makakapasok.

248 Pagkatapos ay nalaman nating tayo, bawat isa’y, “isinilang sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan.” At wala ngang kahit isa man lang na mabuting bagay tungkol sa atin, kaya papaano tayo magiging sakdal?

249 Ngayon ito nga ang nalaman natin pagkatapos, dito sa, pagbabasa, pagtatalakay ng Kasulatan sa Kasulatan, na, “Si Jesus, sa pamamagitan ng isang paghahandog, ay pinasakdal, magpakailanman, ang Kanyang Iglesya.” Kanya . . . Kung gayon tayo ay sakdal na, sa pamamagitan ni Cristo. At malaya na tayo mula sa paghatol, sa pamamagitan ni Cristo. Hindi na tayo mamamatay pa, sa pamamagitan ni Cristo. Wala na ang kamatayan sa atin at nasumpungan na natin ang Buhay, kay Cristo; hindi sa pamamagitan ng anumang iglesya, hindi sa anumang denominasyon, hindi sa kung anu-anong kagila-gilalas na bagay, hindi sa pagsasalita ng iba’t ibang wika, hindi sa pagsigaw, hindi sa pangiginig, hindi sa pagsasayaw sa Espiritu, kundi sa pamamagitan ng biyaya.

250 Tinatawag ng Diyos ang sinumang ibig Niya. At ang lahat ng ito’y sa pamamagitan ng paghirang, gaya nga ng nalaman natin. Nalaman natin, na, “Hindi siya na nagnanais maligtas. Hindi sa may ibig o hindi sa tumatakbo; kundi sa Diyos na naaawa.” “At walang makalalapit kay Jesus maliban na ilapit siya ng Diyos, muna.” Kaya ano ang maaari mong gawin, sige nga? Wala kang anumang dapat gawin dun. Wala ka sa eksena, wala nga.

²⁵¹ Nalaman natin na hindi tao ang naghahanap sa Diyos. Ang Diyos ang humahanap sa tao. At nalaman din, natin, na ang Diyos ang tanging pinagmumulan lang ng Buhay na Walang Hanggan. Nalaman natin na ang lahat ng Walang Hanggan ay walang pasimula at walang wakas. Kung kaya, nalaman natin na may pasimula ang impiyerno, at mayroon itong wakas. At mayroon lamang. . . Walang sinumang makapagsasabi na ang impiyerno ay magpakailanman; magpakailanman, tama, magpakailanman, subalit hindi Walang Hanggan.

²⁵² Ang *magpakailanman* ay “isang espasyo ng panahon.” Ang sinasabi ng Biblia, “Magpakailan-kailanpaman.” At saliksikin n’yo nga ito at alamin kung ang *magpakailanman* ay hindi nangangahulugang “isang espasyo ng panahon.” Sinabi ni Jonas na nasa tiyan siya ng balyena “magpakailanman.” At marami pang ibang mga Kasulatan, na ang ibig sabihin ng *magpakailanman* ay “isang espasyo lang ng panahon.”

²⁵³ Ngunit, ang *Walang Hanggan*, ’yun ay “magpakailanman”; ’yun ay magpakailan-kailan-kailan-kailan-kailanpaman. Yan nga ang Walang Hanggan. At nalaman nating hindi Walang Hanggan ang impiyerno, pero ito’y magpakailanman. At ’yan nga ang dahilan, kung bakit kailangan n’yong bantayan ang mga salitang ’yan, siyanga. Kung hindi, mapaghahalo-halo n’yo ito. Ngayon, tandaan, ’yun lamang mga bagay na walang pasimula, ang walang katapusan. Kaya, sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay,” na magpakailanman ba? Tama ba ’yun sa pakinig? Hindi. “May Buhay na Walang Hanggan.” At ang salitang *Walang Hanggan* ay “Diyos.” Ang salitang, ginamit mismo rito sa Griyegong lexicon, ay Zoe ang Buhay ng Diyos sa inyo. At kayo nga ay Walang Hanggan din naman kung papaanong ang Diyos ay Walang Hanggan, sapagkat nasa inyo ang Diyos.

²⁵⁴ Namatay ang dati n’yong kalikasan, ang kalikasan ng sanlibutan, at kayo’y naging bagong nilalang. At ang mga pagnanasa n’yo, ’yung dating buhay na may pasimula noong hiningahan ng Diyos ng hininga ang mga butas ng inyong ilong, noong naipanganak kayo, namatay na ang buhay na iyon ng karnal na kalikasan. At mayroon itong pasimula at mayroon itong katapusan, at namatay ito at wala na magpakailanman, ang dating kalikasan. At pumasok ang Diyos na kasama ang bagong Kalikasan. Pagkatapos, ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kapayapaan, pagtitiis, at kaamuan, at kabaitan, pumasok iyon; at pinalitan ang masamang hangad, at pagkamainitin ang ulo, at pagkamuhi, at—at paninibugho, pakikipag-alitan, at ang lahat ng mga bagay na ’yan. Pinalitan Nito ang mga ’yan, noong lumipat kayo sa Buhay mula sa kamatayan. Nauunawaan n’yo na po ba ito, nang mabuti, ngayon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²⁵⁵ Kaya, pakinggan n'yo. May isang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan. Hanapin n'yo Ito. Hayan nga't, ang Diyos lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. Sinabi 'yun ng Biblia. Ang Diyos lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. At kung magdurusa ang sinuman sa impiyerno, nang magpakailanman, aba'y nasa kanya kung sa gayon ang Diyos, na Walang Hanggan. Ngunit sinasabi ko na may . . .

²⁵⁶ Ngayon, alalahanin n'yo, hindi ko sinasabing walang nag-aapoy na impiyerno. May nag-aapoy ngang impiyerno, apoy at asupre. "Kung saan ang—ang uod ay . . . hindi namamatay ang apoy at hindi namamatay ang uod," ng apoy at asupre, isang kaparusahan. Maaaring magtagal ito nang sandaang bilyong taon. Subalit kinakailangan nitong magwakas, sapagkat ang impiyerno ay ginawa para sa diyablo at sa kanyang mga anghel. At ang lahat nga ng nanggaling sa Diyos, Siya Mismo, na noong pasimula, ang lahat ay nagmula sa Diyos. Noong ang mismong Espiritu . . .

²⁵⁷ Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang *Espiritu* ng pag-ibig, na siyang dakilang bukal ng Diyos, busilak, walang bahid. Mula roon, dumating ang isang *baluktot* na pag-ibig. Pagkatapos ay dumating naman sa pag-ibig ng *tao*. Pagkatapos ay dumating sa *seksuwal* na pag-ibig. Pagkatapos ay dumating sa iba pang mga pag-ibig, pag-ibig at pag-ibig, at patuloy na nababaluktot hanggang sa ito'y humantong na lamang sa *kahalayan*. Subalit ang lahat ng mga bagay na 'yan ay may pasimula. At balang araw babalik itong lahat sa orihinal; sa Walang Hanggan; kung saan ang masamang pagnanasa, pag-ibig ng tao, pag-ibig na mapusok, ang lahat ng mga pag-ibig gaya n'yan ay mawawala na.

²⁵⁸ Mawawala na ang lahat nitong mga mapagkunwaring Pananampalataya. Isa lamang ang tunay na Pananampalataya. Kinakailangang mawala ang lahat ng iba. Mga kabaluktutan ang mga ito na mula rito sa tunay na bukal.

²⁵⁹ Kaya, samakatwid, ang impiyerno, ang pagdurusa, ang pagdurusa ay hindi Walang Hanggan. Nagkaroon ng pagdurusa dahil sa kasalanan, at kasalanan ang nagpasimula ng pagdurusa. At kapag tapos na ang kasalanan, dapat lang na tapos na rin ang pagdurusa, ganoon nga. At darating ang panahon kung kailan ang mga makasalanan, na hindi tumanggap kay Cristo, pagkatapos nilang maparusahan marahil nang sandaang bilyong taon, . . . hindi ko alam, marahil sampung daang milyong bilyong taon. Hindi ko masabi. Subalit hahantong nga ito sa kawakasan, balang araw, 'pagkat hindi ito Walang Hanggan.

²⁶⁰ Ngayon, magtutumulín na tayo, patungo sa kasakdalan. Ngayon pakinggan n'yo, habang papunta na tayo sa Mensahe.

. . . na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at mula sa pananampalataya sa Dios,

Ng aral na tungkol sa mga bautismo, . . . pagpapatong ng mga kamay, . . . pagkabuhay na maguli ng mga patay, at . . . paghuhukom na walang hanggan.

²⁶¹ Ngayon pakinggan n'yo. May dalawa tayo. . . May larawan tayo rito, ngayon. Ngayon dito nga tayo magkakaroon ng malaking di pagkakasundo. Ngayon kailangan n'yong makita kung saan nakalagay ang larawan. Sinisikap ni Pablo, rito, na paghiwalayin ang *kautusan* mula sa *biyaya*. May dalawa tayong larawan: ang isa, ang karnal; ang isa, ang espirituwal. At sinisikap ni Pablo na—na ipakita ang pagkakaiba ng dalawa, upang maipakita sa mga Hudyo. Ang sulat ngang ito'y isinulat para sa mga Hebreo. At ipinakikita ng kabuuan ng Mga Hebreo ang balangkas ng Lumang Tipan na tumitipo sa Bago. Kaya, may dalawa kayong larawan dito na isasaalang-alang.

²⁶² Ngayon makinig kayong mabuti habang bumabasa tayo. Ngayon sabi niya:

. . . tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; . . .

²⁶³ Ngayon, natalakay na natin 'yan kaninang umaga, kung papaano tayo pinasakdal. Pinasakdal nga, ganap nang walang dungis at walang kapintasan, walang kahit isang kasalanan sa atin. Mas mataas ba kayo sa tukso? Hindi. Nagkakasala pa ba kayo araw-araw? Siyanga, po. Ngunit, ganoon pa man, tayo ay pinasakdal na sapagkat nasa Kanya na tayo. At hindi na tayo maaaring hatulan pa ng Diyos (o di sana'y walang puwedeng maging matuwid), Kanyang hinatulan na tayo sa Kanya. Noong hinatulan Niya si Cristo: Kanya nang hinatulan ako, Kanya nang hinatulan kayo. At hindi na Niya ako maaaring hatulan pang muli, sapagkat kinuha na Niya ang aking kahatulan kung ako nga'y tinubos na.

²⁶⁴ Kung gayo'y may tiket na akong maipapakita na natubos ko na nga ang relo ko mula sa sanlaan, at walang sinumang makapagpapabalik nito sa sanlaan, hayan nga't taglay-taglay ko na ang tiket. Natubos ko na ito.

At kung susubukan ng diyablong magpataw ng parusa sa akin, may tiket na akong nagpapakitang natubos na ako. Siyanga, po. Wala nang kahatulan! "Ang dumirinig sa Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Yan ang tiket ko. Nagbigay Siya ng pangako.

²⁶⁵ Ngayon, ngayon ang larawan, dito.

...na huwag nating ilagay na muli ang mga kinasasaligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa, at... pananampalataya sa Dios,

...aral na tungkol sa bautismo,...pagpapatong ng mga kamay,...pagkabuhay na maguli ng mga patay,...paghuhukom na walang hanggan.

²⁶⁶ Ngayon, tandaan n'yo. Napansin n'yo ba 'yung salitang 'yun na ginamit uli? Ginamit natin kaninang umaga, "paghuhukom na Walang Hanggan." Minsan mang magsalita ang Diyos, Ito'y Walang Hanggan. Hindi ito maaaring mabago, kahit katiting. Kaya, ang paghuhukom ay Walang Hanggan, ganyan nga lagi ang paghuhukom. At kahit anong salinlahi ang kinabubuhayan natin, mabubuhay ang isang salinlahi, at mabubuhay ang isang kautusan, at ganyan nga magpakailanman, o sa anupamang panahon, *ito* man at *iyon*. Subalit ang paghuhukom ng Diyos ay Walang Hanggan pa rin, Kanya ngang gagawin ang ganoon, sapagkat binigkas Niya ang Salita. Kapag binigkas ng Diyos ang isang Salita, tunay ngang Walang Hanggan Ito. Siyanga.

²⁶⁷ Ngayon hayaan n'yong basahin ko ito mula sa Griyego para sa inyo. Pakinggan n'yo kung papaano ang basa rito.

Kaya't tayo'y tumigil na—tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, Yaong may katubusan, tayo nang magtumulin—magtumulin sa...

Ngayon, hindi ko na mabasa. Nabura na. "At huwag na nating ilagay na muli ang anyo..." Heto na po.

...huwag na nating ilagay na muli ang anyo ng pagbabago mula sa mga gawang nagdudulot ng kamatayan.

²⁶⁸ Ngayon, ito pong lexicon ay hindi nga kung anu-anong pagpapaliwanag, hindi nga ganyan ito. Ito ang salitang Griyego para sa kung ano ang sinasabi sa Ingles. At sabi nito, "Ngayon hindi natin ibig..." Pakinggan n'yo ito, kita n'yo.

...huwag na nating ilagay ang mga kinasasaligan ng pagbabago mula sa mga gawang nagdudulot ng kamatayan.

²⁶⁹ Ngayon kung isasaisip n'yo nga 'yan, ang sinasabi niya rito, na, "Nagdudulot ng kamatayan ang mga anyo ng pagbabago." Sinabi ni Pablo, "Tumigil na tayo sa mga unang simulain ng aral, tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan, huwag na nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos: aral na tungkol sa mga bautismo, pagpapatong ng kamay, pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, paghuhukom na Walang Hanggan." "Mga anyo ng pagbabagong nagdudulot ng kamatayan," 'yan nga ang eksaktong salita para riyon. Ganyan nga 'yan isinulat ni Pablo. Nakikita n'yo ba kung ano ang sinisikap Niyang gawin?

270 Ngayon, ang lahat ng mga bagay na ito, gaya ng pagbabautismo: may binautismuhan nang patalikod, may paharap, ang isa ay sa pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo, ang isa sa pangalan ni Jesus, mayroon ngang sa *ganitong* paraan, at sa *ganoong* paraan, at ang lahat na 'yang iba't ibang maliliit na bagay patungkol sa pagbabautismo.

271 At sa pagpapatong ng mga kamay: "Purihin ang Diyos, may kaloob ako ng pagpapatong ng mga kamay. Hallelujah! Inyong, inyo ngang makakamtan Ito sa *ganitong* paraan. Hallelujah!"

272 Isantabi nga nating lahat 'yan, sapagkat patay 'yan na mga gawa, ito ngang mga pagbabagong ito, anyong pagbabago. Kita n'yo? Ibang pamantayan na ang tinutukoy niya. Ngayon sabi niya, "Lumayo na ryan, at mangagpatuloy na sa kasakdalan." Nakukuha n'yo ba Ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

273 At nananatili pa rin sa mga bagay na 'yan ang iglesya. Iyan nga ang patuloy nilang ginagawa. Patuloy nga sa pagsabi ang unang iglesyang Hebreo roon, "Buweno, nabautismuhan ako sa paglulubog, at—at natanggap ko *ito*, at *ito*, at ang lahat ng mga bagay na *ito*."

274 Sabi niya, "Ngayon, inyong isantabi ang lahat ng mga iyan, tigilan na ito." Pero, ngayon, sinabi nga ba niyang huwag na nating gawin ito? Ngayon pakinggan n'yo kung ano ang sinabi niya patungkol doon.

At ating gagawin ito, . . . ipahihintulot ng Dios.

275 At ganoon din ang sabi ng orihinal.

Ating gagawin ito, kung ipahihintulot sa atin ng Diyos, kita n'yo.

Ating gagawin ito, kung ipahihintulot sa atin ng Diyos.

276 Pagbabautismo, pagpapatong ng mga kamay, at mga bagay-bagay, ngunit hindi 'yan sakdal. Pagbabagong karnal lamang iyan. At diyan nga tumigil ang mga iglesya, sa panahon ngayon, sa mga pagbabagong karnal ngang iyan. Sabi pa ng isa sa kanila, "Oh, buweno, ang tubig, ang ibig sabihin ng salitang *bautismo* ay *ganito* at *ganoon*."

277 At nagsisipagtayo sila ng mga organisasyon: na ang isa'y pawisik-wisik, ang isa nama'y pabuhos-buhos, at ang iba nga'y nagbabautismo nang paharap, at ang iba nama'y patalikod, at kung anu-ano pa; ang ilan sa kanila'y nagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, at ang ilan ay nagtatalaga ng mga apostol, habang ang iba nama'y nagtatalaga ng mga propeta, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay; at pangangaral ng pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, na ayos lang naman; at maging ang kataas-taasang pagka-Diyos ni Cristo, mainam naman 'yan. "Ngunit," sabi niya, "ang lahat ng mga

ito ay seremonyal na pagbabago. Nasa anyo lang tayo n'yan ng pagbabago. Ngayon tayo'y mangagpatuloy na sa kasakdalan." Nakukuha n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁷⁸ Ngayon pagmasdan. Dito na ngayon pumapasok ang malalim na bahagi.

Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan, at nakalaspap ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,

At nakalaspap ng mabuting salita ng Dios, . . . ng kapangyarihan ng panahong darating,

At saka nahiwalay sa Dios, ay di maaaring baguhin silang muli sa pagsisisi; yaman na kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyang.

²⁷⁹ Ngayon, alam ko kung ano ang nasa isip n'yo na mga legalista sa mga sandaling ito, pero mali kayo. Kita n'yo? Sige. Tinatayuan ko ito, at ang Biblia mismo ang nagpapatotoo nito, na, "Kung iniligtas ng Diyos ang isang tao, ligtas na siya Magpasawalang Hanggan." Hindi ninyo ito mapagpapasalita ng anumang iba.

²⁸⁰ Nakipagkita sa akin ang isang pundamentalista, hindi pa katagalan, at sabi, "May napansin akong mali sa sinabi mo, Mangangaral na Branham. Napansin ko nga ang mali mo. Sabi mo, "Kung ligtas na ang isang tao, hindi na siya maaaring mapahamak kailanman?"

²⁸¹ Sabi ko, "Ganyan nga ang sabi ng Diyos."

²⁸² Sabi niya, "Gusto kitang tanungin. Si Saul ay isang propeta, at nagpropesiya siya. At alam mong siya ay pinahiran ng Diyos. Sinabi ng Biblia na siya nga. At nagpakamatay siya, kung gayo'y napahamak siya."

²⁸³ Sabi ko, "Siya nga ba?" Sabi ko, "Sinasabi ng Bibliang 'ligtas' siya. Pagkatapos na siya'y maging kaaway ng Diyos, ligtas pa rin siya. Sinabi ng Biblia na siya nga. At, kung tutuusin, hindi naman talaga siya nagpakamatay. Pinatay siya ng isang Filisteo, at pinatay ni David ang Filisteong pumatay sa kanya. Nagpatibuwal nga siya gamit ang sariling tabak, sariling sibat, tabak, hayan nga't, nagawa nga niya. Pero hindi siya noon namatay. At isang Filisteo ang pumaslang sa kanya. At hayan nga't noong magpunta si Saul doon sa babaing nakikipagsanggunian sa mga espiritu, at tinawag ng naturang babae ang espiritu ni Samuel, hayan nga't sa panahong 'yan ay hindi pa siya nakakapasok sa Kaluwalhatian, nasa paraiso pa lang siya sa ilalim ng nabubong dugo ng mga toro at kambing na hindi makapag-aalis ng kasalanan. Hayan nga't

kailangan niyang lumagi sa isang dakong mapaghihintayan, na kung tawagin ay paraiso, hanggang sa makapasok na siya.”

284 Diyan nga kayong mga Katoliko naguguluhan. Kita n’yo? Ngayon, wala na ’yang paraisong ’yan ngayon. Makakapasok na tayo direkto sa Presensya ng Diyos.

285 At noong tawagin ng babaing taga-Endor na nakikipagsanggunian sa mga espiritu ang espiritu ni Samuel, tumayo siya roon. At nagpatirapa ang babae, at sinabi nito, “Bakit mo ako dinaya?”

286 At hindi nga lang nakatayo roon si Saul. . . ang ibig kong sabihin pala’y si Samuel, na suot-suot pa rin ang balabal ng isang propeta, isa pa rin siyang propeta. Sabi niya, “Bakit mo ako binagabag sa aking pamamahinga,” sabi, “dangang naging kaaway ka na ng Diyos?”

287 Sumagot siya, “Buweno, ayaw nang mangusap sa akin ng Urim. Hindi na makapagpropesiya ang propeta sa akin. Ni hindi na rin ako makapanaginip.”

288 “Buweno,” sabi ni Samuel, “ikaw ay naging kaaway na ng Diyos. Ngunit bukas ay papanig sa kalaban ang labanan, at mamamatay ka bukas. At sa ganitong oras, bukas ng gabi, ay masasama ka na sa akin.” Kung napahamak nga si Saul, ay ganoon din naman si Samuel, dahil magkasama raw sila. Tunay nga. Ganyan ang sabi ng Biblia.

289 Ngayon, maaari kayong madala ng emosyon, sa pagsasalita ng iba’t ibang wika, pagsigaw, pag-alog, pangingin, pagtakbo nang paroo’t-parito sa pasilyo. Wala akong anumang laban sa mga ’yan. Ngunit mapaniniwala n’yo nga ang sarili n’yo na ligtas kayo gayong hindi naman, hindi kayo ligtas. Ang buhay n’yo ang magpapatotoo kung ano nga kayo. Sinabi ni Jesus na ganoon nga, “Sa kanilang bunga ay inyong makikilala sila.” Patutunayan nga ng buhay n’yo kung ligtas kayo o hindi, hindi man kayo magsalita. Patutunayan niyan kung ano kayo.

290 Ngunit ang lahat nitong pagkaantig at emosyon at pag-anib sa kaiglesyahanan, “Hayan nga’t nabautismuhan na ako sa Pangalan ni Jesus, hallelujah, sigurado akong nakamtan ko na Ito,” walang anumang halaga ’yan.

291 “Nabautismuhan na ako, sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, paharap, nang tatlong beses. Nakamtan ko na talaga Ito.” Walang anumang halaga ’yan.

292 Ang sabi ni Pablo, “Tayo’y mangagpatuloy na ngayon sa kasakdalan.” Ang pinag-uusapan na natin dito’y ang tungkol sa pinasakdal. At kung ating tutugaygayin ito, malalaman n’yong, ang pinasakdal ay ang mga Hinirang. Patutunayan ko ’yan sa inyo, sa ilang sandali, sa pamamagitan ng Biblia. Ang mga Hinirang nga ang siyang nakita na ng Diyos, bago pa man maitag ang sanlibutan, nakita na ang bawat isa sa kanila. At

Kanyang isinugo si Jesus upang tubusin ang mga taong 'yun, hindi ang buong sanlibutan. Kanyang ninais nga, hayan nga't kinailangan Niyang gumawa ng paraan para sa mga 'yun. At ang tanging paraan na magagawa Niya, ay ang isugo si Cristo; upang makaparito Siya, ang kabayaran sa ating mga kasalanan, upang yaong mga hinirang, ay Kanyang madala sa Kanya, sa Kaluwalhatian.

²⁹³ Maaari nga bang ang pamamalakad ng Diyos sa Kanyang katungkulan ay sapalaran lang, na sasabihin, "Buweno, siguro naman may maaawa sa Akin, siguro may lalapit at maliligtas?" Hindi kailangan ng Diyos na magmakaawa sa inyo para gawin ang anuman. Kung may magmamakaawa, kayo ang kailangang magmakaawa, hindi ang Diyos.

²⁹⁴ At hayan nga't, namatay si Cristo upang iligtas yaong mga hinirang ng Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, upang Siya'y makatagpo roon na mga walang bahid o kulubot. Bago pa man maitatag ang sanlibutan, Kanyang nakita na kayo sa Kaluwalhatian. Iyan nga ang sinasabi ng Biblia, sa Efeso, sa unang kabanata. Ika-5 kabanata, unang talata. Nagtalaga ang Diyos sa pamamagitan ng paunang kaalaman.

²⁹⁵ Ngayon, ngayon ginawa na nga 'yan ng Diyos, itinalaga na tayo bago pa man maitatag ang sanlibutan; at kilala ang bawat isa sa atin sa ating mga pangalan, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan; at Kanya nga tayong Hinirang sa Buhay na Walang Hanggan; at isinugo si Jesus Cristo upang tubusin tayo; hayan nga't, anim na libong taon na ang nakalipas, ay nakita na Niya tayo, upang mahayag tayo sa Kanyang mga ikapupuri dun sa Kaluwalhatian! Papaano pa kayo n'yan mapapahamak?

²⁹⁶ Ngayon, kung ligtas na kayo, ligtas na talaga kayo. Kung ililigtas kayo ng Diyos ngayong gabi, samantalang nalalamang mawawaglit din naman kayo sa Kanya sampung taon mula ngayon, sinasalungat Niya ang Kanyang Sariling layunin; ang ibig sabihin baga'y ang walang katapusan, Makapangyarihan sa lahat, Walang Hanggan, di nagmamaliw na karunungan, na Diyos, ay hindi sapat ang kaalaman upang malaman kung manghahawakan ka o hindi. Kung ganoon pala'y, sa pagligtas Niya sa iyo, ay sasabihin, "Buweno, masubukan Ko nga siya, at nang makita kung ano ang gagawin niya," kung ganoon pala'y hindi Niya alam ang katapusan mula pasimula. Pero alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa, huwag n'yong alalahanin 'yan. Kayo at ako ang siyang bumibitiw. Alam nga ng Diyos ang Kanyang ginagawa. At nalalaman nga Niya tayo. . . kung tayo'y manghahawakan, o kung ano nga ba ang gagawin natin.

²⁹⁷ Ngayon, sinabi ng Biblia na, si Esau at Jacob, bago pa man maisilang ang alinman sa dalawang bata, ay sinabi na nga ng Diyos, "Inibig ko ang isa, at kinapootan ang isa pa," bago

pa man nila langhapin ang pinakauna nilang hininga, upang patunayang sakdal ang Kanyang paghirang.

²⁹⁸ Sino si Abraham? Patutungo na tayo sa kanya sa ilan pang minuto, maya-maya. Sino siya, upang tawagin ng Diyos? Iligtas siya nang walang kahit anuman sa kanya. Makikipagtipan ang Diyos sa tao; sisirain ng tao ang tipan niya. Subalit ang Diyos ay nakipagtipan sa Kanyang Sarili Mismo, at sumumpa rito, sa Kanyang Sarili. Walang anumang kinalaman dito ang tao. Ito ang sariling paunang kaalaman ng Diyos. Kanya ngang ginawa ito, ganoon na nga.

²⁹⁹ Ngayon, sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, kung naging Cristiano na pala ako, maaari ko na palang gawin ang anumang naisin ko?" Walang pasubali. Kung isa ka nang Cristiano, gawin mo lang ang anumang naisin mo. At tinitiyak kong, wala ka nang anumang pagnanasang gumawa ng mali. Gawin mo ang anuman. Noon pa ma'y ginagawa ko na ang nais ko. At kung naglilingkod nga ako sa Panginoon dahil natatakot akong mapunta sa impierno, hindi ko Siya pinaglilingkuran nang tama. Kung namumuhay akong matapat sa aking asawa dahil sa takot na hihiwalayan niya ako, hindi ako isang lubos na mabuting asawa. Hayan nga't hindi ko siya maaaring saktan sa anumang kadahilanan, sapagkat mahal ko siya.

³⁰⁰ Ganyan nga rin naman ito kay Cristo, kapag ang isang tao ay ipinanganak na sa Espiritu ng Diyos. Hindi nga dahil sa nakasisigaw siya, nakapagsasalita ng iba't ibang wika, o kung sa anong emosyon; kundi dun sa puso niya, ay pumasok ang pag-ibig at pinalitan ang naroong sanlibutan. Sinasabi ko nga sa inyo, iniibig Siya ng taong ito. Lumalakad ang taong ito sa Kanyang tabi araw-araw. Hindi mo na kailangan pang sabihan ang taong ito na, "Maling gawain ang ganito, o *ganoon*, o ang *anupaman*." Alam na niyang mali iyon. At, sa paglakad niya, siya'y isa nang itinalagang produkto ng dakilang biyaya ng Diyos. Mismo.

Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan, . . . mga nakabahagi ng . . . kalangitang pagkatawag . . .

Ngayon, minsan ang paniniwala natin dito ay 'yung taong ito ay minsan nang naliwanagan at saka nahiwalay pa, subalit hindi ganyan ang pagkabasa n'yan dito sa Biblia. "Lubos na di maaari sa isang tao," sabi niya rito, "na nakatanggap na sa Espiritu Santo, saka nahiwalay pa." Ngayon basahin n'yo nga ito at alamin kung hindi 'yan totoo. Masdan n'yo rito, kunin n'yo ang teksto, ang buong teksto, at ang laman, ang konteksto, po pala.

³⁰¹ Ngayon sinimulan niyang mangusap tungkol doon, kung ano nga ba iyon? "Tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan." Ngayon, sabi niya, "Huwag karnal na, paglalagay roon ng kinasasaligan ng mga doktrina at bautismo at mga pagbabago, at kung ano pa. Huwag na nating gawin 'yan. Tayo'y mangagpatuloy

na sa kasakdalan.” Ang pinag-uusapan dito ay *kasakdalan*, at nagkakaroon ng kasakdalan sa pamamagitan ni Cristo. At papaano tayo nakapasok kay Cristo? Sa pakikianib nga ba sa iglesya? “Sa isang Espiritu ay binautismuhan tayo sa isang Katawan.” Hindi sa pamamagitan ng: ang isa’y, nagsalita ng iba’t ibang wika papasok; ang isa’y, nakipagkamay papasok; ang isa’y, binautismuhan sa tubig papasok. “Kundi sa isang Espiritu ay binautismuhan tayo sa isang Katawan.” Nakuha n’yo na ba? Iyan nga ang kasakdalan.

³⁰² At kapag nakapasok na kayo Roon, nakay Cristo na kayo, at ang sanlibutan ay patay na sa inyo. At lumalakad na kayo kasama ng Kordero araw-araw, at itinatag na ng Diyos ang inyong mga hakbang, ang inyong dapat gawin. Oh, ang mga kahirapan at pagsubok na pinagdaraan natin! Sasabihin n’yo nga, “May mga pagsubok ba kayo?” Oo, naman. Hayan nga’t. . .

³⁰³ Biyaya ang tawag sa ginawa ng Diyos para sa akin, yaong mga gawa naman ay ’yung ginagawa ko para sa Diyos. Ngayon, ginagawan nga nila ito ng doktrina, iniisip nilang ang mga gawa ang nagpapaging marapat sa inyo. Kung ganyan nga, hindi na ito matatawag pang kaloob na walang bayad. Biyaya ang tawag sa ginawa ng Diyos para sa inyo, “Sa pamamagitan ng biyaya kayo’y naligtas.” At ang mga gawa naman ay ’yung ginagawa ninyo bilang pagpapahalaga sa biyaya na ipinakita Niya sa inyo. At kung iniibig n’yong talaga Siya, hinahangad n’yong gawin ang mga gawa ng Panginoon. Walang pasubali, ganyan nga, dahil, inyong—inyong iniibig Siya.

³⁰⁴ Ang pagtanggap ko kay Meda Broy, bilang aking asawa, ang ginawa ng pag-ibig para sa kanya. Ang ginagawa nga niya, bilang pagpapahalaga: maging isang kalugod-lugod na babae, manatili sa bahay, alagaan ang mga bata, at mamuhay ng isang mabuti’t matapat na pamumuhay. Hindi nga ’yan mangyayari kung hindi kami mag-asawa; mag-asawa nga kami. Subalit ginagawa niya ang mga ’yan bilang pagpapahalaga. Sakaling pumaroon siya sa kabayanan, araw-araw, at pupuntahan ang bawat maliliit na tindahan, at magpagala-gala sa lansangan, at hindi man lang hugasan ang mga pinagkainan, o anupamang dapat gawin, mag-asawa pa rin kami. Walang pasubali. Noong nanumpa ako, ’yun na ’yun. Siya ang asawa ko. Hangga’t may buhay na nanatili sa amin, siya ang asawa ko. Iyan nga ang sinumpaan niya. Subalit pagpapahalaga nga ang tawag sa ginagawa niya para rito: mananatili siya sa bahay, at aalagaan ang mga bata, at laging magsisikap na maging tapat na asawa.

³⁰⁵ Maaari ngang pumunta ako kung saan-saan at palagi na lang di mahagilap, maglilimayon kung saan-saan sa buong bansa, at hahayaan siyang halos mamatay sa gutom, o anuman, pababayaang ang mga bata na walang makain man lang; mag-asawa pa rin kami. Hiwalayan man niya ako, may asawa pa rin ako, hangga’t may buhay na nananatili rito sa aking katawan.

Sinumpaang ko nga ang pangakong 'yun, "Kamatayan lang ang makapaghihiwalay sa amin." Siyanga. Mag-asawa pa rin kami. Subalit, hayang nga't, pahapay-hapay man ako bilang asawang lalaki. Pahapay-hapay man siya bilang asawang babae. Basta't mahal namin ang isa't isa, mananatili kaming magka-agapay at hila-hila ang anumang kabigatan, na magkasama.

³⁰⁶ Ganyan nga rin ang Diyos at ang Kanyang Iglesya. Kapag naipanganak kayo sa Kaharian ng Diyos, sadyang may mga *tagumpay* at *kabiguan* kayo, totoo 'yan, ngunit Cristiano pa rin kayo, naipanganak pa rin kayo ng Espiritu ng Diyos. Maaari ngang kunin na kayo Diyos sa lupa nang maaga.

. . .haya't *tungkol sa mga minsang naliwanagan, at nakalaspap* . . .ng kaloob ng kalangitan, . . .

. . .at saka *nahiwalay sa Dios, ay di maaaring baguhin* ang kanilang sariling *muli sa pagsisisi*; . . .

³⁰⁷ Ngayon, alam ko kung saan patungo ang takbo ng isip n'yo, ang iglesya. Hayaan n'yong may ipakita ako sa inyo na mas magpapaigting pa nito, upang ang—ang panig ng mga legalista ay talagang wala nang masabi pa. Dumako tayo roon sa Mga Hebreo, sa ika-10 kabanata, at tingnan ito nang pansumandali.

³⁰⁸ Ika-10 kabanata, sa ika-26 na talata.

Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos . . .na ating matanggap ang pagkakalala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan,

Kundi isang kakilakilabot na paghihintay . . .sa paghuhukom at isang kabangisan ng apoy, na lalamon sa kaaway.

Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi ay mamamatay na walang awa:

Gaano kayang mas mahigpit na parusa, bagaman inaakalang . . .bagaman nauukol, . . .niyurakan ang . . .sa yumurak sa Anak ng Dios, at umari sa dugo ng tipan, na nagpabanal sa kaniya, bilang isang bagay na di banal, at . . .umalipusta sa mga gawa ng biyaya?

³⁰⁹ Ngayon sasabihin n'yo, "Papaano naman 'yun, Kapatid na Branham? Anong tingin mo ryan?"

Ngayon, sa pagbasa rito, sa palagay ko, "Hindi *iyon* sinasabi ng Kasulatan." Hindi nun pinatutungkulan ang isang Cristiano. Pinatutungkulan nito ang isang taong nakarinig sa Salita at tumalikod Dito. Kita n'yo?

Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala . . . (Ano ang pagkakasala? Di pananampalataya.) . . .kung ating sinasadya na di sumampalataya pagkatapos na

maipangaral sa atin ang mabubuting balita, *ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan,*

310 Ano ang kasalanan? Di pananampalataya. Basahin n'yo ang San Juan, sa ika-4 na kabanata. Sinabi ni Jesus, "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na." Hindi kasalanan ang paninigarilyo, pag-inom ng alak, pangangalunya. Nagagawa mo 'yan dahil isa kang di-mananampalataya. Bunga lamang ang mga 'yan. Nagagawa mo 'yan dahil isa kang di-mananampalataya. Ang paghinto sa paninigarilyo, paghinto sa pag-inom ng alak, at iba pang gaya ng mga 'yan, hindi 'yan nangangahulugang kayo'y—kayo'y isa nang Cristiano. Mga bunga lamang 'yan ng inyong pagbabagong-loob. Hayan nga't, maaari ngang—maaari ngang nasa alinman ka mang panig diyen, at hindi pa rin maging gayon.

311 Ngayon pansinin n'yo.

...siya na *sinasadyang* di sumampalataya *pagkatapos na* kanyang...

312 Hindi—hindi nga sinabing, "Pagkatapos na tanggapin niya si Cristo sa kanyang puso." Hindi ganoon ang pagkasabi rito sa Biblia. Sabi, "Siya na..."

...kung ating *sinasadya ang pagkakasala, sinasadyang* di sumampalataya, *pagkatapos na... ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan,...*

Nakukuha n'yo? Hindi Cristiano ang tinutukoy rito, hayan nga.

313 Isang babae ang lumapit sa akin, hindi pa katagalan, at ang sabi, "Kapatid na Branham, isa po akong Cristiano, pero napusong ko ang Espiritu Santo."

314 Sabi ko, "Hindi maaari 'yun." Hindi maaaring mapusong ng isang Cristiano ang Banal na Espiritu. Hindi mo magagawa 'yun. Ang espiritu ng isang Cristiano ay nagpapatotoo kasama ng Espiritu ni Cristo. Kita n'yo? At inyo ngang tatawagin, ang lahat ng sa Diyos, na "sa Diyos."

315 Subalit kung karnal ang inyong pag-iisip, tutuyain n'yo at pagtatawanan ang Banal na Espiritu; wala akong pakialam kung gaano man kayong kadalas magsimba, makasalanan pa rin kayo, at pinupusong ninyo ang Banal na Espiritu. Noong masaksihan nila si Jesus na kinikilala ang kanilang mga pag-iisip, pinaratangan nila Siyang "manghuhula."

316 Sinabi ni Jesus, "Kayo nga'y... Mapapatawad Ko kayo sa bagay na 'yan, subalit sa pagdating ng Banal na Espiritu, at magsalita kayo ng isang salitang laban Dito, ay hindi nga ipatatawad sa inyo."

Kasi nga naman, ang sabi nila, "Siya'y may isang karumaldumal na espiritu," pinaparatangan nila ang Espiritu ng Diyos, na "isang karumaldumal na bagay."

Hindi nga 'yan magagawa ng isang Cristiano. Ang turing sa tuwina ng isang Cristiano sa Espiritu ng Diyos, ay “Katuwiran.” Kita n'yo? Hindi magagawang pusungin ng isang Cristiano ang Banal na Espiritu. Yaong taga-labas ang namumusong.

³¹⁷ Hindi mga Cristiano ang nakatayo roon noon. Mga taong relihiyoso ang naroon, mga kinikilalang Hudyo, mga doktor ng dibinidad, at kung anu-ano pa, at kanila ngang tinutuya Siya at ang Kanyang mga gawa, pinaparatangang ang mga gawa ng Diyos, ay, “Isang karumaldumal na espiritu ang gumagawa nito.”

³¹⁸ At ilan sa palagay n'yo ngayon ang namumusong sa Banal na Espiritu, na may D.D.D., Ph.D. sa pangalan nila? Ilan ngang tanyag, pormal na Orthodox, mga Katoliko, mga Protestante, ang palakad-lakad diyan sa kalsada at tinutuya ang pagkilos ng Espiritu Santo, na mga iskolar pa naman na nilinang nang husto, at sing-kikintab na gaya ng isang butones? Siyanga. Hayan nga't tinutuya nila ang Espiritu Santo, at dahil diyan napupusong nila Ito.

Subalit hindi nga 'yan magagawa ng isang Cristiano na naipanganak na muli. Sasabihin niya, “Kapatid ko 'yan. Yan nga ang Espiritu ng buhay na Diyos.” Siyanga. Hindi maaaring mapusong ng isang Cristiano ang Banal na Espiritu.

³¹⁹ Ang makasalanan ang namumusong sa Banal na Espiritu; yaong di-mananampalataya, yaong *makasalanan*, isang “di-mananampalataya.” May dalawang bagay lamang: alinman sa ikaw ay isang mananampalataya, o isang di-mananampalataya.

³²⁰ Ngayon, pansinin n'yo rito, upang matuldukan na natin ito ngayon. Nagkaroon ako noon ng isang pangitain na laging bumabagabag sa akin. Mga ilang taon din noon ang nakalipas na ganito ang tingin ko dun. Sabi ko, “Oh, kung minsan nang natanggap ng isang tao ang Espiritu Santo, at pagkatapos ay magba-backslide, mapapahamak nga siya magpakailanman.” Hindi ko nga ito noon maidugtong sa bagay na iyon.

³²¹ Sabi ko tuloy, “Kung ganoon nga bakit sinabi ng Biblia, na, ‘Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang mawawala sa kanila, ibabangon Ko sila sa huling mga araw. Walang makaaagaw sa kanila sa Aking kamay?’ Papaano kaya 'yun dudugtong dito? Hindi ko 'yun noon maunawaan. ‘Di maaari para sa mga minsang naliwangan.’” Naisip ko tuloy, “May mali. Hindi ko talaga iyon makuha.”

At dumalo ako sa isang munting Pentecostal na pagtitipon, mga taon na rin ang nakalipas.

322 Wala na sigurong narito sa iglesya, sa palagay ko, ngayong gabi, ang nakakaalala. Taon na rin ang nagdaan, nangyari ito nung bago pa naitayo ang tabernakulo. Pero baka naaalala, ni Kapatid na Graham diyan sa likod, o kung sino pa. Hindi ko alam, kung narito na nga kayo noon, o wala pa, mga kapatid. Siguro si Kapatid na Mahoney, sa palagay ko, narito na noon. Oo nga. Bago ako noon ikinasal.

323 Yaong paglantad ng mga kaloob, takot na takot ako noon. Sinabihan nila kasi akong sa diyablo raw ito. Wala akong kaalam-alam hanggang sa sabihin ng Anghel ng Panginoon sa akin.

324 Nagpunta ako sa Mishawaka, at naupo ako sa pagtitipong iyon, at hindi pa ako nakakarinig nang napakaraming hiyawan at iyakan at pagpupuri sa Diyos. Naisip ko tuloy, “Kapatid, ito na ang Langit.” At, oh, hayan nga’t taas-baba sila sa pagtalon.

325 Dinaos nila ‘yun dito sa Hilaga, para puwedeng-puwedeng makipaghalubilo ang magkaibang lahi. Sama-sama noon ang mga itim at puti. Nagkaisa na noon ang P.A. of W. at ang P.A. of J.C. at naging United Pentecostal. Hayan nga’t grabeng rebaybal ang tinatamasa nila, doon sa tabernakulo ni Kapatid na Rowe sa Mishawaka. At ako nga noon, takang-taka’t nais mag-usisa, nakaupo sa likurang upuan, at pinagmamasdan ang lahat ng ito. Hindi pa ako kailanman nakakakita ng mga bagay na gaya nun.

326 Mayroon nga noong lalaking nakaupo sa isang tabi . . . Hindi ko pa ito nasasabi kailanman sa publiko noon. May isang lalaking nakaupo sa isang panig, at may isang lalaki sa kabila, at ‘yung isa’y nagsasalita ng iba’t ibang wika, at ipinaliliwanag naman ito nung isa. At sinasabi nga nila ang iba’t ibang bagay na magaganap. Hayan nga’t, ang isang *ito* ay magsasalita ng mga wika, at ang isa namang *iyon* ay magpapaliwanag. Naisip ko, “Grabe, hindi ba’t kamangha-manghang talaga ang bagay na ‘yun!” Naisip ko noon, “Napakamaluwalhati talaga! Mga Anghel marahil sila, na nanaog sa anyo ng mga tao.”

327 Buweno, isang dolyar at pitumpu’t limang sentimo lang ang pera ko noon, para makauwi, at sapat lang ‘yun para makapagpakarga ako—ako—ako ng gasolina. Natulog ako noon sa may maisan nung gabing iyon. Isinama ko lang ang bahagi nung kuwentong ‘yun sa isang aklat, pero hindi naman lahat, ‘pagkat ayaw kong makasakit ng damdamin. At pagkatapos, nung gabing ‘yun, sabi nila, “Magsipanhik daw lahat ng mga mangangaral doon sa entablado.” Pumanhik ako sa entablado. Ako ang pinakabatang mangangaral doon.

328 Pagkatapos, nung kinaumagahan, hiniling nila sa akin na pumanhik para mangaral. Nagtago ako. Alam n’yo, sabi nung maitim na lalaki, “Heto ho siya.” Naaalala n’yo ‘yung kuwento, noong ipagsigawan niyang nakaupo ako roon.

329 At ganoon na nga pagkatapos kong mangaral nung araw na 'yun, nagikut-ikot ako, naisip ko "Kung makalapit lang sana ako sa dalawang lalaking 'yun." Sila ang nangunguna noon sa pagtitipon. Tatayo 'yung isa at mamumuti ang mukha niya; magsasalita siya sa iba't ibang wika. At ipaliliwanag ito nung isa, at babanggitin ang mga katagang, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'May *ganito-ganoong* tao rito, na *ganito-ganoon* ang pangalan, na *ito* at *ganito-ganoon* ang gagawin.'" Kapatid, katotohanan nga naman iyon. At ang isa nga'y tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika, at ipaliliwanag naman niya.

330 Naisip ko tuloy, "Oh, grabe, hindi ba't kamang-mangha talaga iyon!" Kaya, noong araw na 'yun, naisip ko, paroroon ako sa labas at mananalaganin. Naisip ko, "Panginoon, gawin Mo pong muli iyon sa akin." Hindi ko alam kung anong itatawag doon, mga pangitain.

331 Pumaroon ako sa labas at nanalagin, at hiniling sa Panginoon na tulungan ako. Inikot ko 'yung gusali, at tamang-tamang nakatagpo ko 'yung isa sa kanila. Ngayon, ang Panginoon nga'y nagkaloob sa akin ng paraan upang malaman ang mga bagay-bagay. Kinamayan ko siya. Sabi ko, "Kumusta ka?"

Sabi niya, "Kumusta rin? Anong pangalan mo?"

At sabi ko, "Branham."

"Oh," sabi niya, "ikaw 'yung lalaking nangaral kaninang umaga."

Sabi ko, "Opo, ginoo."

332 Habang nakikipag-usap ako sa kanya, natalos ko ang kanyang espiritu. At isa nga siyang tunay na Cristiano, isang purong Cristiano talaga, kapatid. Ibig kong sabihin, isa siyang mananampalataya. Naisip ko, "Oh, di ba't kamangha-mangha talaga ito!"

333 At mga isang oras mula noon, malapit dun sa kotse, at napansin ko nga sa napakagarang kotseng 'yun, may "Kay Jesus Lamang" na nakasulat sa likod nun, at nakatayo sa tabi 'yung isa namang lalaki. At lumapit ako at sinabi, "Kumusta ka, ginoo?"

334 Sabi niya, "Kumusta ka rin?" Sabi, "Ikaw si Kapatid na Branham, na nagsalita kaninang umaga."

335 Sabi ko, "Opo, ginoo. Ako nga." Sabi ko, "Talagang, galak na galak ako roon sa dakilang kaloob ng Diyos na kumikilos sa inyo ng dalawang kapatid."

336 Sabi niya, "Salamat, G. Branham." At bigla ko na lang natalos ang kanyang espiritu. Dumating ang isang pangitain. At kung may ipokrito man akong nakausap, isa na siya roon. Itim ang buhok ng kanyang asawa. Pero ang kinakasama niya'y isang babaing olandes, at may dalawa siyang anak sa babaing iyon.

Mas Cristiano pa sa kanya kung tutuusin ang anumang bagay rito sa mundo.

³³⁷ Pagkatapos nun ay nasabi ko, “Ano ba itong napasukan ko? Akala ko’y nasa piling ako ng mga Anghel, at ngayon siguro’y nasa piling ako ng mga demonyo. May kung ano talaga. Heto ang isa, isang tunay na Cristiano; at ang siya ring Espiritung bumababa sa lalaking *ito*, ay bumababa rin dun sa lalaking *ito*.” Sabi ko, “Ngayon gulung-gulo na ako.” Hindi ko alam ang gagawin. Umiyak ako at nagsumamo, sa Panginoon. Hindi ko alam kung ano ang dapat tanggapin.

³³⁸ Patatanggapin na nga sana nila ako noon. . . Tinanong ako kung akin na bang “natanggap ang Espiritu Santo?” tinanong nga ako nung lalaking ’yun. At sabi ko, “Hindi, ginoo, hindi sa paraang natanggap mo ito.”

Sabi, “Nakapagsasalita ka na ba ng iba’t ibang wika?”

Sabi ko, “Hindi, po.”

Sabi, “Kung gayo’y hindi mo pa Ito natanggap.”

³³⁹ Kaya sabi ko, “Siguro’y tama ka nga, kapatid ko. Siguro’y hindi pa nga, ’pagkat wala ako niyang taglay-taglay mo.” At pagkaraan ng ilang sandali, natuwa akong hindi ko ’yun natanggap.

³⁴⁰ Pagkatapos nga nun ay nagmasid-masid ako, at nakita ang pagkilos nun.

³⁴¹ Hayan nga’t, isang araw, narito ako noon at nananalangin, hindi pa katagalan. Sasabihin ko sa inyo kung bakit, kung sino ang ipinapanalangin ko, si Roy Davis. At narito nga ako noon nananalangin, dahil nabansagan niya akong “isang puppet,” at ipinanalangin kong patawarin siya ng Diyos. At mayroon nga siyang palimbagan sa dako roon, sinulat ang ganoong artikulo. At nasunog ang palimbagang iyon at natupok ng apoy, ilang gabi pagkatapos nun, habang iniimprenta nila iyon.

³⁴² At pagkatapos nakatayo ako roon sa isang lumang kuweba sa likod ng Green’s Mill. Kalalabas ko lang doon. At matagal-tagal din akong nananalangin, sa loob, magdadalang araw na. Inilapag ko ang aking Biblia sa isang matandang troso, na, ipinakita ko kay Kapatid na Wood, hindi pa katagalan, doon ko nga inilapag ang aking Biblia. Sumampa ako dun sa troso. At umhip ang hangin. Naisip ko, “Napakatagal ko na rin, doon sa loob ng kuweba, teka’t magbabasa-basa lang muna ako nang kaunti.” Pagkatapos ay kinuha ko ’yung Biblia at sinimulang basahin ’yun, at ito ’yung kabanatang nakabuklat noon. Kaya, sinimulan kong basahin ’yun, at nagsimula akong magbulay-bulay noon. Kita n’yo?

*Sapagka’t tungkol sa mga minsang naliwanagan, . . .
mga nakabahagi ng Espiritu Santo,*

...nakalaspang ng mabuting salita ng Dios, at...ng panahong darating,

At saka nahiwalay sa Dios ay di maaaring baguhin ang kanilang sarili...sa pagsisisi; yaman na kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ng Anak ng Dios, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyang.

343 Naisip ko, “Heto na’yung Kasulatan.” Subalit may bagay na nakabitin sa isipan ko. Pagkatapos bigla kong naisip, “Heto nga’yung sinasabi niya rito, sa simula, ‘Na huwag na nating ilagay ang patay na kinasasaligan ng pagsisisi, dito sa simula. Huwag na nating ilagay ang kinasasaligan ng pagsisisi,’ at sinasabi niya naman dito, ‘Binabago ang kanilang mga sarili pabalik sa pagsisisi. Ngunit tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan, inilalagay na ang mga bagay na ito sa likuran.’” Pagkatapos ay sinimulan ko na’yung basahin. Pagkatapos ay binasa ko’yung kasunod na talata.

Sapagka’t ang lupang humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila’y binukid, ay tumanggap ng mga pagpapalang mula sa Dios:

Datapuwa’t kung namumunga ng mga tinik at dawag ay itinatakuwil at malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin.

344 At noong mabasa ko’yun, may Bagay na nagpanginig sa akin. At naisip ko, “Panginoon, hindi naman’yun tumutukoy kay Roy Davis. Bakit Mo po gagawin ang gayon?”

345 Sinimulan kong, bumuklat sa ibang pahina. Kinailangan kong balik-balikan Ito, muli, “Di maaari para sa mga minsang naliwanagan na,” binalik-balikan ko Ito.

346 Pagkatapos naisip ko, “Panginoon, ano po ito? Ano ang ibig Mong ipahiwatig, Panginoon?”

347 At tumalikod ako at pumaroon sa aking kuweba, upang maipanalangin Ito. At noong naroon na ako, nakita ko ang isang mundong umiinog. At napakaganda ng pagkakalinang nito, talagang napakainam, na mundo. At nakita ko ang isang taong nakaputi, na lumilibot, may dala-dala siyang supot sa kanyang kamay. Naghahasik siya ng mga binhi habang lumilibot siya. Tumawid siya roon sa kurbada ng mundo. At pagkatapos n’yang makatawid, heto’t dumating ang isa pang lalaki na nakasuot ng talagang napakaitim na damit, mukha siyang tuso, na dahan-dahang pumupuslit nang *paganito*, patingin-tingin. At mayroon siyang dalang binhi. At may kung anong inihahasik siya sa likuran, habang nililibot niya ang lupa; nagmamasid-masid siya at naghahasik. Tumayo ako at pinagmasdan ang pangitain.

348 Nung mawala na siya, pumaling ang mundo, at doon nga'y may isang sagana, at mayabong ani, at trigo ang mga 'yun. At may mga damo, damong matitinik at mga bagay-bagay na kasama roon ng mga trigo.

349 Dumating ang isang tagtuyot. At, oh, talagang napayuko na lamang yaong mumunting trigo, at uhaw na uhaw sa tubig. Yaong mumunting matitik na damo ay napayuko na rin, at sabik na sabik sa tubig. Nananalangin ang lahat para sa ulan. At maya-maya, pumalaot ang isang malaking ulap at diniligan nang husto ang sangkalupaan. At nagtatalon ang mumunting damong matitinik, bigla na lang napahiyaw ng, "Maluwalhati ang Diyos! Hallelujah! Purihin ang Panginoon!"

350 At ang mumunting trigo, ay nagtatalon din, napasigaw din, "Maluwalhati ang Diyos! Purihin ang Panginoon!"

351 At pagkatapos ay dumating sa akin ang Kasulatan, na masusumpungan sa Aklat ng Mateo, sa ika-5 kabanata at ika-45 talata. At pakinggan n'yo ang sinabi ni Jesus, sa Mateo 5:45. Makinig kayong mabuti ngayon habang binabasa natin. Mateo, ika-5 kabanata at sa ika-45, ika-46 na talata; dito sa ika-44, natin simulan.

Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa, at gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo, at idalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait, at nagsisiusig;

Upang kayo'y maging...matawag na...kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa... masasama at sa...mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at...mga hindi ganap.

352 Hayan nga't, nakita n'yo na po, ang siya ring ulan na nagpapatubo sa trigo, ay siya ring nagpapatubo sa masamang damo. At, hayan nga't, naunawaan ko na ang buong larawan. Hayan nga ang isang nagsasabing siya'y mananampalataya gayung siya'y karnal, diyan mismo sa loob ng iglesya. Hayan nga't ang mga bunga niya...Marahil nakasisigaw nga siya, nakakatalon, nakakasayaw, nakapagsasalita ng iba't ibang wika; subalit hayan nga ang kanyang mga bunga: isa siyang masamang damo. At heto naman ang isa pa, na nagtataglay ng siya ring Espiritu. Maaari ngang bumaba ang Espiritu Santo sa isang grupo ng mga tao, at ang isang mapagpaimbabaw ay maari ngang makasigaw, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, gaya na lang kung papaanong mabubuhay ang isang masamang damo sa ipinadalang ulan. Iyan nga po ang tinutukoy rito ni Pablo. Subalit napakaimposible para sa isang masamang damo na maging trigo, o ang isang trigo na maging masamang damo. Nakukuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan, at . . . nakabahagi na sa kaloob ng Espiritu Santo,

At . . . nakalaspang ng mabuting salita ng Dios, at ng kapangyarihan ng panahong darating,

. . . at saka nahihalay sa Dios, ay di maaaring baguhin ang kanilang sarili muli . . .

Pakinggan n'yo ang sinabi niya.

. . . sapagkat ang ulang . . . madalas na lumalagpak sa lupa, upang diligan ito at alagaan ito, at ihanda ito;

Datapuwa't . . . namumunga ng mga tinik at dawag ay malapit sa pagkatakuwil; . . .

Ngayon, kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, tayo'y mangagpatuloy . . . sa kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi at mga patay na gawa . . . sa Diyos, at sa pananampalataya, at ng iba pa,

. . . at mga aral na tungkol sa mga paglilinis, . . . ng pagpapatong ng mga kamay, at mga bagay-bagay; . . .

³⁵³ Hayan nga't, ang karnal na mananampalataya, noong araw, kagaya ng sa panahon ngayon, gustong-gusto nilang sabihing, "Buweno, kabilang ako sa iglesia. Nakapagsisi na ako. Ako'y—ako'y dumudulog, para maipahayag ang mga pagkakasala ko. Nabautismuhan na ako." Kita n'yo, nanatili sila sa mga pagbabagong karnal na 'yan. At anong kinahahantungan nun? Nagsisipag-usbungan dahil diyan ang mga matitinik na damo.

³⁵⁴ Ano naman ang ipinamumunga ng kasakdalan? Trigo. Ang trigo ang Salita ng Diyos. Ginagamit Niya ito bilang Kanyang Salita. Kanyang Binhi Ito. Namumunga Ito.

³⁵⁵ Depende kasi 'yan sa kung anong binhi ang naitanim sa inyong puso. Kung nagsisimba kayo dahil lang sa natatakot kayong maimpiyerno, kung nakikianib kayo sa iglesia dahil sa ayaw n'yong—ayaw n'yong mapunta ng impiyerno, matitinik na damo pa rin kayo. Kung—kung nakikianib kayo sa iglesia para lang matanyag, matitinik na damo pa rin kayo. Kung nagampanan n'yo na nga lahat nitong mga kung anu-anong seremonya sa simbahan na dapat gampanan, at dun lang kayo nakatuon, matitinik na damo pa rin kayo.

³⁵⁶ Subalit ang tunay, at tapat na Cristiano ay nagtutumulín patungo sa kasakdalan hanggang sa patay na sa kanya ang sanlibutan at kayo'y maging isa nang bagong nilalang kay Cristo Jesus. Kung magkagayo'y, di na maaaring mabuwal pa kahit kailan ang taong iyon. Yan nga ang sinasabi ng Biblia! Nakikita n'yo ba kung papaanong lumalaki 'yun sa iba pa sa Kasulatan? Nakikita n'yo ba kung papaanong inilalatag Nito ito sa wasto nitong pagkakalaki?

357 Papaano naman kasing sasabihin Dito, “Ang isang taong naligtas na nang minsan ay hindi na maaaring mapahamak” tapos sa dako naman rito ay sasabihing, “Ngunit, kung kayo’y mapahamak, o mamusong, ay di maaari”? Kasi nga, kung isa kang namumusong, hindi ka talaga isang Cristiano.

358 “Walang sinumang, nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, ang nagsasasabing si Jesus ay itinakuwil.” San Juan 4...o Unang Juan 4. Walang sinumang nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ni Cristo, ang magsasabing si Jesus ay “itinakuwil.” Bawat espiritu, ng Diyos, na naroon sa Iglesyang Cristiano, ay sumasang-ayon sa lahat ng sinasabi ng Diyos.

359 Nababasa nga natin dito, ang sabi, “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang. Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.”

360 Sasabihin naman ng napag-iwanang karnal na kaisipan, “Lipas na ang panahon ng mga himala. Ako si *Dr. Jones*.” Kita n’yo? “Walang Makalangit na pagpapagaling. Walang tagos sa pusong relihiyon. Grupo lang kayo ng mga wala na sa sarili. Maemosyon kayo. Kita n’yo, walang kuwenta ang mga ’yan. Wala kayong mapapala rian. Basta kami Presbyterian kami. Lutheran kami,” o anuman. “Panatag kami sa tayo namin.”

361 Subalit ano ang sinasabi ng Espiritu ng Diyos? Si Jesus Cristo, ay siya rin! “Amen,” ang sabi ng Espiritu ng Diyos. Kaagad itong sumasang-ayon sa Salita. Siyanga, po. Nariyan nga ’yan. Nakikita n’yo na ba ngayon ang ibig kong sabihin?

362 “Ang mga pagbabagong karnal na ’yun ay nagdudulot ng kamatayan,” sabi ni Pablo.

363 Subalit sa pagsapit sa Buhay, sa kasakdalang ito, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Pagkakalooban Ko siya ng Buhay na walang hanggan, ibabangon siya sa huling mga araw. Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang mawawala sa kanila.” Wala ngang mawawala.

364 Pero, sumapit sa ganito—sumapit sa ganito. Ang isip nung karamihan ay hindi na sumasang-ayon nang wasto. Kapatid, hindi ka naglilingkod sa Diyos sa takot na mahagupit. Ang Diyos ay hindi nga tulad ng iba riyang may hawak na latigo, na nilalatigo kayo para sumunod. Isa siyang Ama. Siya ang Pag-ibig. Ang Diyos ay Pag-ibig. At sinabi nga ng Biblia, sa San Juan, “Ang umiibig ay sa Diyos.”

365 Mahal ninyo ang Diyos. Hindi ko nga ito kayang gawin, ang gagala ako at—at maglalasing ngayong gabi. Hayan nga’t ni minsan, ay hindi ako uminom ng alak sa buong buhay ko. Ngunit sabihin nating lalabas ako at maglalasing, ibig sabihin

nun hindi ako takot na mahagupit bilang parusa. Pero hindi 'yan ang dahilan kung bakit hindi ko ginagawa—ginagawa, hindi ko ginagawa ang gayon. Ang dahilan kung bakit hindi ko ginagawa ang gayon, ay dahil sa mahal ko Siya. Mahal Niya ako. Hindi ito dahil sa kautusan. Hindi nga ito dahil sa ako ang dapat may gampanan. Ito'y dahil sa ginampanan na Niya ang isang bagay para sa akin, at mahal ko Siya dahil sa bagay na 'yan. Ganyan nga.

³⁶⁶ Hayan nga't, sa pamamagitan ng Espiritung 'yun na naroon, na ipinangako, "Siya'y binibigyan Ko ng walang hanggang Buhay, at kailanma'y hindi sila malilipol." Nagsinungaling ba Siya rito o Katotohanan lang ang sinabi Niya? Katotohanan nga ang sinabi Niya. Kaya, nakikita n'yo na ba ang kapaliwanagan Nito? Hindi nga maaaring ang isang tao'y mahiwalay matapos niyang makapasok nang minsan sa biyaya. Hindi nga maaari. Maaari siyang mawalay, oo, pero hindi sa punto na babalik na naman dun sa mga pagsisisi, babalik sa punto na iyon at uulitin na naman 'yung dati niyang ginagawa.

³⁶⁷ Kaya, sa inyo na ang dami-dami namang dinadaluhang mga rebaybal, dadalo rito tapos sa kabila naman, hindi n'yo ba napapansing hindi kayo ganoong kapanatag? Hindi nga kayo ganoong katatag. Ngayon, sigurado 'yan . . . Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, hindi kasi ako nakakatiyak na . . ." Sinasabi ko nga sa inyong hindi ipagkakaloob sa akin ng Diyos ang Kanyang ministryo, at tapos hahayaan akong magkamali. At kung hindi ito napatunayan sa pamamagitan ng Kasulatan, kung gayo'y mali talaga ito, subalit narito po ang Kasulatan upang pagtibayin ito.

³⁶⁸ Wala ngang pakundangan ang iglesya . . . Dadalo ang mga tao, makikianib sa iglesya, magbabangayan, mag-aaway-away, magtatalu-talo, at—at kung anu-ano pa, at mamumuhay nang karnal na pamumuhay tapos, "Oh, siyanga, Cristiano nga ako."

³⁶⁹ Narinig ko ang isang pagtatapat ngayong araw ng isang ginang na nagkuwento sa akin na ang kanyang asawa ay may kinakasamang ibang lalaki. Nahuli sila nung babae, sa kung saan-saang dako. At ang sabi nung babae, "Sasabihin ko sa iyo, 'Isa akong Cristiano.'" Um-hum.

³⁷⁰ Tingnan n'yo itong si Jimmy Osborne, mangangaral ng Linggo ng umaga; at pasayaw-sayaw ng boogie-woogie, rock-and-roll at kung anu-ano pa, sa buong sanglinggo.

³⁷¹ Tingnan n'yo nga 'yang si Elvis Presley, isang 1947 na bersiyon ni Judas Iscariote, nakianib sa Assemblies of God, Pentecotal, nakapagsasalita ng iba't ibang wika para sa Banal na Espiritu, at mas marami pang naibulid na kaluluwa sa pagdurusa kaysa sa lahat ng naibulid ng mga tindahan ng alak sa loob ng huling limampung taon. Binaluktot ang pag-iisip ng mga kabataan sa buong mundo, hayan nga't hinuhubad pa ng

mga kadalagahan ang kanilang mga panloob na kasuotan at ihahagis 'yun sa entablado, para pirmahan niya. Napakalaswa talaga na hindi nila puwedeng ipakita siya sa telebisyon, mula sa kanyang baywang pababa, napakalaswa niyang sumayaw. Ang Banal na Espiritu ba 'yan, ang pagsasalita ng mga wika, ay isa bang katunayan? Oh, kapatid, kung naroon ang Espiritu Santo, hindi Ito kikilos nang ganoon. Alam na alam n'yo 'yan. Tunay ngang hindi. Ang gusto ng Diyos ay kalinisan at kadalisayan at kabanalan.

³⁷² Hindi ako kumikilos na malinis at dalisay at banal upang gawin ang sarili na Cristiano. Kundi si Cristo, na nasa loob ko, ang nagpapamuhay nun para sa akin. At mahal na mahal ko nga Siya. At kung makagagawa ako ng anumang kamalian, tinatama ako nun. Sa sandaling 'yun mismo ay sasabihin ko, "Diyos patawarin Mo po ako." Araw-araw, kinakailangan kong humingi ng kapatawaran, araw-araw 'yan. At kayo, rin naman. Siguradong, gayun din kayo.

³⁷³ Subalit kung kayo'y—kung kayo'y karnal, magpapalatala lang kayo, sasabihin, "Ah, buveno, ayos lang 'yan, kasapi naman ako sa iglesya." Kita n'yo? At hayan nga't namumusong kayo, dahil wala kayo nitong Pananampalatayang ibinigay na minsan sa mga banal. Hayan na nga't gagawin n'yo Itong katatawanan, at tatawagin Itong, "Isang masamang espiritu." Sasabihin, "Grupo lang 'yan ng mga holy-roller." Dahil diyan, inihihiwalay n'yo ang inyong mga sarili sa biyaya patungong kahatulan, at magpakailanman nang naroon sa kapahamakan.

³⁷⁴ Sinabi nga ni Jesus, "Isang salitang laban Dito, ay hindi na ipatatawad sa sanlibutang ito o maging sa darating." At ang isang Cristianong, naipanganak na ng Espiritu, ay hindi nga maaaring makapagsalita ng masama tungkol Doon, 'pagkat hindi nga maaari. Sumasang-ayon Ito Rito. Siyanga.

³⁷⁵ Iyan ang dahilan kung bakit may mga taong sinasabi sa akin, na ang Haliging Apoy na 'yan, na nagpakita rito sa atin, ipinagpipilitan nga nilang, 'yan daw, "Iyan daw ay ang diyablo," at, "Kathang isip lang Ito." ang lahat ngang ito raw. Subalit pinatunayan ng kamera na hindi Ito katha. At ang mga gawa ay nakalakup doon mismo sa Biblia, siya talagang Haliging Apoy na kumatagpo noon kay Pablo sa kanyang daan patungong Damasco. Ang lahat ng mga bagay na 'yun na ginawa Niya noon, ay ginagawa ngayon nang sadyang parehong-pareho, sa pamamagitan ng Biblia. Si Cristo nga Ito, ang Anak ng Diyos.

³⁷⁶ At kapag naipanganak na nga tayong muli, mayroon na tayong Buhay na walang hanggan, at hindi na maaari pang mamatay. Hindi na maaari pang mahiwalay ang isang tao. Ganyan nga ang sinabi ng Biblia.

³⁷⁷ Ngayon, pakinggan n'yo, masdan n'yo ang sinasabi rito ni Pablo. Babasahin ko ang iba pa rito, at tingnan n'yo nga kung

hindi ba 'yun tama sa pakinig, ngayon. Magpatuloy tayo, ilang sandali na lamang. Sa ika-8 talata.

Datapuwa't kung namumunga ng mga tinik at dawag ay itinatakuwil, at malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin. (Ang di-mananampalataya nga 'yan.)

³⁷⁸ Ngayon masdan n'yo naman dito si Pablo. “Ngunit, mga minamahal. . .” Nangungusap siya ngayon sa mga bumabalik sa kautusan, alam n'yo, sa mga nagpupumilit na gawin ang lahat na mga gawa ng kautusan, gayunma'y mga seremonya nga ang mga ito. Gaya nitong mga bautismo at pagpapatong ng mga kamay, at ang lahat ng mga bagay na ito.

Ngunit, mga minamahal, naniniwala kaming lubos sa magagaling na bagay tungkol sa inyo, . . .

Hayan nga. Pakinggan n'yo siyang maigi.

. . .at sa mga bagay na kalakip ng pagkaligtas, bagama't—bagama't patungkol dito kami ay nagsalita ng ganito.

Sapagka't ang Dios ay hindi liko upang limutin ang inyong mga gawa at ang mga gawa ng pagibig, na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang ngayo'y nagsisipaglingkod kayo.

³⁷⁹ Nakita n'yo na kung anong sinasabi niya? Hindi siya nangungusap dito patungkol sa mga Cristianong nahihwalay, na di na maaari pang makabalik. Mga karnal na mananampalataya ang tinutukoy niya roon na dumadaan sa mga pagbabago pero sa anyo lamang. “Ngunit,” sabi niya, “sa inyo na mga naipanganak nang muli, kayo na mga Cristiano, mga minamahal, naniniwala kaming lubos sa magagaling na bagay tungkol sa inyo. Hindi kayo nagsasalita ng gayung mga bagay. Hindi ninyo ipinamumuhay ang ganoong uri ng buhay. Ligtas na kayo kay Cristo.”

Ano nga uli 'yung sinabi niya rito? Ngayon puntahan natin muli 'yung Mga Hebreo 10, doon sa nabasa na natin, kaninang umaga. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

³⁸⁰ Ngayon buklatin naman natin, ngayon, sa Mga Taga-Efeso 4:30. At basahin natin ito, sa ilang sandali, at masdan ang sinasabi rito, na magpapatibay rito, upang maglakip-lakip ang Kasulatan sa Kasulatan. Mga Taga-Efeso 4, heto na po. Mga Taga-Efeso 4:30. Basahin natin at tingnan ang sinasabi Rito. Pakinggang maigi.

. . .huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, . . .

Papaano—papaano nga uli tayo nabautismuhan sa Katawan? Sa isang Espiritu.

...huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos.

Tama ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tinatakan na kayo sa Katawan ni Cristo, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, nang hindi lang hanggang sa matapos ang isang rebaybal at maghihintay nang panibagong rebaybal, kundi hanggang sa Araw ng pagkatubos ng Katawan. Hayan nga. Kaya, walang anumang paraan para mapahamak kayo.

³⁸¹ Nababalot kasi kayo ng takot. At 'yan ang dahilan, ang takot na nariyan, kaakibat kasi ng takot ang pag-aalinlangan.

Kaakibat naman ng pag-ibig ang pananampalataya. Mahal ko ang aking Ama. Hindi ako nababalot ng takot sa Kanya, sapagkat mahal ko Siya. Hindi Niya ako sasaktan. Mabuti ang Kanyang gagawin para sa akin. Kung nababalot ako ng takot sa Kanya, marahil, "Oh, hindi ako nakakatiyak kung Kanya bang gagawin ito, o hindi." Kita n'yo?

³⁸² Ngunit kung mahal ko Siya, "Opo, Ama, mahal Kita—mahal Kita. At nalalaman kong Ikaw—Ikaw ang aking Ama, at mahal Mo ako, at hindi ako nababalot ng takot dahil tinutupad Mo ang Iyong Salita. Pangako Mo nga ito sa akin." Ganoon ang ginagawa ng Espiritu ng Diyos.

³⁸³ "Ngunit, oh, paano kung nagawa ko *ito*, nagawa ko *iyon*." Kita n'yo, hayan na naman kayo sa panig ng pagiging legalista, 'yan na naman. Huwag kayong pupunta sa panig ng pagiging legalista. Negatibo ito.

³⁸⁴ Ang positibong panig ang dapat n'yong asamin. Isa na kasi itong bagay na nagawa na. Namatay si Cristo, at napuksa na ang kasalanan noong Siya ay namatay. At kung itinalaga ka nga ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggan, "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit sa Akin." Hayan nga, hindi na maaari pang mapahamak. May katiyakan na kayo magpakailanman. "Sapagkat sa isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan, at sa isang handog ay sinakdal na Niya magpakailanman." Hayan nga. Wala nang paraan para mahiwalay pa tayo. Tama 'yun. Ngayon, hindi ba't napakasarap nito sa pakiramdam? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

³⁸⁵ Ngayon, papaano n'yo naman malalaman na kayo'y Cristiano ngang talaga? Kapag ang inyong espiritu ay nagpapatotoo kasama ng Kanyang Espiritu, kapag nasa inyong puso na ang pag-ibig ng Diyos, kapag mayroon ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtitiis, kabutihan, kaamuan. Sa pagkakataong 'yan... Ang mga bunga ng Espiritu ay lumalakip na sa inyong buhay.

³⁸⁶ Hindi nga patunay ang nakakapagsayaw ka sa Espiritu, oh, sa modernong indayog, nakakaindak sa tugtog ng piyano, sa pasayaw-sayaw na 'yan sa Espiritu. Ayos lang naman ang mga ganyang bagay. Subalit dinala nila ang buong bagay na 'yan doon sa panig ng pagiging legalista, kita n'yo, at dahil doon, ang Espiritu ng Diyos ay nakaligtaan nila.

³⁸⁷ Iyan nga ang dahilan, nariyang ipinahahayag na ng Diyos ang Kanyang Sarili, pero sasabihin nila, "Kalokohan. Ayaw naming magkaroon ng anumang kaugnayan Diyan." Hindi nila nakikilala ang Diyos. Hindi nila nakita Ito. Hindi nila Ito mauunawaan, sapagkat may iba nang buhay roon. Hindi nga niya malalaman, hindi kasi nalalaman ng masamang damo kung ano ang ginagawa ng trigo. May iba siyang buhay.

³⁸⁸ Ganyan din ito sa isang Cristiano, o sa isang karnal na mananampalataya, na nag-aangking nananampalataya raw siya, lalabas at sasabihing, "Oh, siyanga, isa talaga akong Cristiano." May subong sigarilyo pa 'yan sa bibig, na akala mo'y torong Texas na tinanggalan ng pang-suwag.

³⁸⁹ Isang babae namang naka-shorts, sasabihin, "Oh, siyanga, miyembro ako ng iglesia. Totoo po 'yan, ako nga." Pinatutunayan ng iyong mga bunga na ikaw ay karnal talaga. Siyanga. Tunay, nga. Isa lang naman ang dahilan kung bakit nangyayari 'yan: alinman 'yan sa kakulangan sa pag-iisip o may espiritu ka ng masamang pagnanasa sa loob mo. Ganoon na nga 'yun.

³⁹⁰ Kung nais ninyong tumulad sa kilos ng sanlibutan, ang sabi ng Biblia, "Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos." Hayan na nga.

³⁹¹ Ngayon, sasabihin n'yo, "Oh, ang sabi ng Biblia, dapat ko nga raw gawin 'yan." Hindi, hindi ganoon. Manatili lang kayo hanggang sa may gawin si Cristo para sa inyo, na siyang mag-aalis n'yan sa inyo. Sa ganyan ngang paraan ay naipanganak na kayo ng Espiritu ng Diyos. Hindi sa paraang kayo dapat ang may gawin, ito nga'y kung ano ang ginawa Niya para sa inyo. Hanggang sa matanggap n'yo ang pag-ibig na lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan. At sa pagkakataong 'yan masdan n'yo ang inyong buhay, tingnan kung—kung tumatama na ba ito. Hindi nga 'yan dahil sa sinisikap ninyong isaayos ang inyong buhay, kundi dinadala kayo ng Diyos na mapasailalim sa Kanyang Espiritu. Hindi kayo ang nangunguna sa inyong sarili sa daan ng Diyos. Ang Diyos ang nangunguna sa inyo sa Kanyang Sariling daan. Hindi kayo ang siyang nangunguna, kundi ang Diyos ang nangunguna.

³⁹² Ngayon masdan n'yo ito, ngayon, habang papapunta na tayo sa dulo. Sa ika-11 talata.

At ninanasa namin na ang bawa't isa sa inyo ay magpakita ng gayon ding sikap sa ikalulubos ng pagasa hanggang sa katapusan:

Na huwag kayong maging mga tamad, kundi mga taga tulad kayo sa mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng pangako.

393 Ngayon, isa na lamang pangungusap dito.

Sapagka't nang mangako ang Dios kay Abraham, palibhasa'y hindi niya maipanumpa ang anomang lalong mataas, ay ipinanumpa ang kaniyang sarili,

Na sinasabi, Tunay sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin kita.

394 Noong katagpuin ng Diyos si Abraham! Ngayon, tinanggap ni Abraham ang tipan, ng walang ginagawa para masabing karapat-dapat siya para dun. Noon ngang gawin ang tipan kay Abraham. Biyaya lamang, ang umiral. Hindi naman ganoong kabuting tao si Abraham. Hindi naman siya ganoong kabanal. Pangkaraniwan lamang siya. At ang Diyos, sa pamamagitan ng paghirang, ay pinili si Abraham sapagkat hinirang siya ng Diyos; hindi dahil sa ginusto iyon ni Abraham, o dahil ginawa ni Abraham ang *ganito*, o dahil mabuti siyang tao, hayan nga't wala naman siyang ginawa para masabing karapat-dapat. Bagkus iyon ang pagpili ng Diyos. Pinili ng Diyos si Abraham.

395 Ngayon, gaya nga ng sabi ko dati, naniniwala akong, "Pinipili natin ang mga mangangaral natin." Naghahanap-hanap tayo, nagsasabing, "Buweno, nagbitiw ang isa sa mga diyakono. Humanap tayo ng pinakamahusay na lalaki sa buong gusali para humalili sa kanya. Buweno, nagbitiw na ang pastor; maghanap na tayo, piliin natin 'yung pinakamahusay." Minsan hindi 'yun tama.

396 Noong pumili sila ng isang lalaki upang pumalit kay Judas, napili nila ang maling tao. Kumuha sila ng isang mapitagang lalaki, si Matias, isang dakilang manunulat, iskolar, isang diplomata. Sabi nila, "Siya na ngang talaga ang karapat-dapat humalili. Naku, siyang siya na talaga." Subalit hindi 'yun ang pinili ng Diyos. At ang lalaki ngang ito, ay walang nagawang kahit ano para sa Diyos.

397 Ngunit ang pinili ng Diyos ay isang hamak na, matandang mainitin ang ulong, Hudyo na may patulis na ilong na sumugod doon na bakas na bakas sa mukha niya ang galit, "Paroroon ako. Dadakpin ko sila."

398 Sabi ng Diyos, "May nakikita ako sa kanya. Gagamitin ko siya."

399 At nagpakita nga ang Diyos sa kanyang harapan sa malaking Liwanag na iyon na naroon. At ang sabi niya, “Sino Ka baga, Panginoon?”

400 Sabi, “Ako si Jesus. Aba, mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis. Bakit mo Ako pinag-uusig?” Parang ganoon, at kinuha ng Diyos ang taong *iyon* at ginawa siyang isa sa mga pinakadakilang taong lumakad sa ibabaw ng lupa kailanman pagkatapos ng panahon ni Jesus Cristo. Iyan nga ang pinili ng Diyos.

401 Sa panahon ngayon, iginigiit natin ang ating pinipili. Sa ating kaiglesyahan, isinusugo n’yo ang *isang* tao sa dakong ito, at ang *isa pa* sa dako naman dito. Hindi dapat ganoon. Ang Diyos ang siyang dapat manguna. Ang Diyos dapat sa lahat ng pagkakataon, sa lahat ng oras, sa lahat-lahat; hindi dapat kung ano ang nakasaad dun sa kung anong dokumento sa simbahan. Kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol dito, ang siya lang dapat na masunod.

402 Pansinin n’yo. Nangako ang Diyos kay Abraham, nang walang kundi-kundisyon. At ngayon, hayan na nga po, hindi na nga kinailangang gumawa ni Abraham ng anumang bagay. Sinabi ng Diyos, “Ginawa ko na ito.”

403 Nangako ang Diyos kay Adan, sabi, “Adan kung hindi mo hihipuin *ito*, ay mabubuhay ka magpakailanman. Ngunit sa araw na kainin mo ito, sa araw na iyon ay mamamatay ka.”

404 Sabi ni Adan, “Nahihiwagahan ako kung ano bang talaga ito, ano nga kaya?” Lumapit siya at kinain iyon, pinakialaman.

405 Sa tuwing gagawa ang Diyos ng . . . gagawa ang isang tao ng tipan sa Diyos, o ang Diyos sa isang tao, sumisira sa bahagi niya ang tao. Kaya kinailangang gumawa ng paraan ang Diyos, dahil nakita Niya kung ano ang ginagawa ng tao. At sila nama’y naitalaga na nang una pa, hinirang na sila, at kinailangang gumawa ang Diyos ng paraan. Kaya nanaog ang Diyos at nakipagtipan kay Abraham, nang walang kundi-kundisyon. Kung mayroon ngang kundi-kundisyon, o di sana’y matagal nang napahamak si Abraham, siyanga.

406 Tingnan n’yo siya roon sa dako ng Gerar, nag-backslide, nagsinungaling. At nagawang ipamigay ang asawa niya sa ibang lalaki, para mailigtas ang sarili. Anong klaseng lalaki ’yan! Naroon siya sa dakong ’yun, at nag-backslide. Sinabi na ng Diyos sa kanya, sabi, “Huwag kang aalis dito. Manatili ka rito.” Napuwersa siyang umalis dahil sa tagtuyot. Naghanap-hanap siya ng dako kung saan mas maaliwalas ang pamumuhay. Alam n’yo na marahil kung anong nangyayari sa isang tao sa tuwing pipiliin niya ang maaliwalas na daan.

407 Kung saan-saan siya napadpad, doon nga kung saan mas luntian ang damo. At noong makarating na siya roon, sinabi

niya sa hari roon na “kapatid” niya ang kanyang asawa, para hindi siya mapahamak. Ngayon, isa’yung pagsisinungaling. At ibang lalaki nga’yun, ipinamimigay niya ang asawa niya sa ibang lalaki, upang maisalba niya ang kanyang sarili! Hayan nga siya, nakaupo sa isang maliit na tolda, isang backslider, nagsinungaling, at nalihis ngang talaga, nahiwalay nang lubos sa pangako at lahat na, subalit propeta pa rin Siya ng Diyos.

408 At ito namang si Abimelech, napakabuting tao, lalaking may kabanalan. Sa katunayan, sumasambit siya ng panalangin gabi-gabi. Nasumpungan ang lolang ito, na isang daang taong gulang na, papalapit, maganda at batang-bata nang muli. Sabi niya, “Ito na ang babaing hinihintay ko, kaya pakakasalan ko na siya.”

409 Sabi ni Abraham, “Sa iyo na siya. Kapatid ko siya.”

Sabi, “Kuya ko nga siya.”

410 Kaya kinuha na siya at pinaliguan siya ng mga kababaihan at—at pinasuotan ng magagarang kasuotan, at inayusan siyang gaya ng isang—gaya ng isang prinsesa. At sinambit na nung lalaki ang kanyang mga panalangin, nahiga na sa kama, at inayos ang pagkakahiga, at sabi, “Bukas, pakakasalan ko ang magandang dalagang Hebreong’yun, ’yung—’yung kapatid ng binatang ito. Oh, magiging napakainam nun. Oh Panginoon, talos Mo kung gaano Kitang iniibig! Siyanga, po. Napakainam talaga!”

411 At sinabi ng Diyos, “Ikaw ay dili iba’t isang patay.” Uh-huh!

[Umubo si Kapatid na Branham—Pat.] Pasensya na po. Si Abra- . . .

412 Aba, hayan nga’t itong si Abraham, nagsinungaling, nag-backslide. At heto naman ang lalaking ito, matapat at matuwid at hindi naman masama. “Bakit ganun,” sabi niya, “Panginoon, nalalaman Mo ang katapatang loob ng aking puso. Hindi ba siya itong nagsabi sa akin, na ‘kapatid na babae’ niya po raw’yun?”

413 Sabi, “Talastas Ko ang katapatang loob ng iyong puso. Iyan ang dahilan kung bakit hinahadlangan Kita sa pagkakasala laban sa Akin. Siyanga. Talastas Ko ang katapatang loob ng iyong puso. Subalit ang kanyang asawa ay Aking propeta.” Hallelujah! Oh, kung hindi pa ba naman biyaya ang tawag dun, ano kaya? “Nag-backslide, nagsisinungaling, at nakaupo lang dun, subalit propeta Ko pa rin siya. Magdala ka ng kaloob, at magpunta ka sa kaya, at ibalik mo ang kanyang asawa, kundi ay mamamatay ka. Hindi Ko diringgin ang mga panalangin mo. Hayaan mong siya ang manalangin para sa’yo.” Amen. Hayan nga. “Iyan ang Aking propeta.”

Ngayon, sinasabi n’yo, “Oh, ako na lang sana si Abraham.”

414 “Kung tayo ay mga patay na kay Cristo, tayo ay Binhi ni Abraham, at mga tagpagmana ayon sa pangako.” Tama. Iyan nga

ang sinasabi ng Biblia. Nais n'yo po bang basahin Iyon? Hayan nga, sinabi iyon ng Biblia, na—na hindi lamang ibinigay ang pangako kay Abraham at sa kanyang mga binhi. Hayan nga't . . . nagkaroon ng maraming binhi si Abraham, siyanga, maraming anak. Si Ismael ay anak niya. Nagkaroon siya ng pito o walo pang anak pagkatapos na mamatay ni Sarah, kay, Keturah. Subalit, tingnan n'yo, ang binhing ipinangako, ay si Isaac, at sa pamamagitan ni Isaac lumabas si Cristo, sa pamamagitan naman ni Cristo ay lumabas tayo. Ang pangakong 'yun ay walang kundi-kundisyon.

415 Ngayon, papaano na ngayon si Abraham? Aba, nawalay na dapat siya, at di na sana maaaring makapanumbalik pang muli. Siyanga. Di na sana maaaring makapanumbalik pa si Saul, kung ganyan, kung ganyan ang basa n'yo sa Kasulatan. Kita n'yo? Pero hindi nga ganyan. Ang pangako ng Diyos ay nananatili magpakailanman.

416 Bumasa tayo rito pansumandali. Nais kong basahin n'yo Ito. Nais kong tumungo kayo sa Mga Taga-Galacia 3:16, at basahin ito, at tingnan n'yo ngayon kung ano ang pangako, at tingnan kung—kung tayo'y kabilang sa Kanyang pangako o hindi, 3:16. Pakinggan n'yo. Sige. Babasahin ko rin ang ika-15 talata, sige po.

Mga kapatid, nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao: Bagama't ang pakikipagtipan ay gawa lamang ng tao, gayon ma'y pagka pinagtibay, sinoman ay hindi makapagpapawalang kabuluhan, o makapagdaragdag man doon.

Ngayon kay Abraham nga at sa kaniyang binhi, binhi (b-i-n-h-i), at sa kaniyang binhi sinabi ang pangako.

“Kay Abraham nga at sa kanyang Binhi.” Ngayon masdan.

Hindi sinasabi ng Dios, At sa iyong mga binhi (maramihan), na gaya бага sa marami; kundi gaya sa . . . iisa lamang, At sa iyong binhi, na si Cristo.

417 Kung gayon, si Cristo ang Binhi ni Abraham. “At tayo na mga patay na kay Cristo, at nabautismuhan na sa Kanyang Katawan, tayo ay mga Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ng pangako.” Kung gayo'y papaano pang, papaano ka pa mahihiwalay, kung nangako na ang Diyos sa iyo? Papaano ka maba-backslide, at mawawalay at mapupunta ng impiyerno?

418 Ngayon, sasabihin n'yo, “Buweno, hindi na ba kami maaari pang ma-backslide?” Walang pasubali. At kung sakaling ma-backslide nga kayo, makakamtan n'yo pa rin, huwag po kayong mag-alala. Nakamtan nga ni Abraham, nakamtan ng iba, at makakamtan n'yo rin. Pero huwag n'yong iisiping binibigyan kayo nito ng karapatan para magkasala. Hindi. Sasagutin n'yo ang lahat ng ginagawa n'yo. Aanihin n'yo ang anumang itanim

n'yo. Kung gagawa kayo maliit mang kasalanan ay aani kayo ng buong batyang puno. Siyanga. Ngunit, kapatid, hindi ibig sabihin nun na mapapahamak ka na. Ganoon na nga mismo. Inani ni Abraham kung ano ang itinanim niya. Siyanga. Subalit ligtas pa rin siya.

419 Ang tipan na ginawa ng Diyos sa Israel: naiwaglit nila ang kanilang mana, naiwaglit nila ang lupang pangako at nagpunta sa Egipto, ngunit hindi nila naiwaglit ang kanilang tipan. Ang sabi ng Diyos, “Naaalala Ko nga ang Aking pangako kay Abraham. Naaalala Ko nga, at Ako’y bumaba upang iligtas ang Aking bayan. Humayo ka, Moises, at sabihin mo sa Faraon, na sinabi Ko, ‘Payaunin mo ang Aking bayan.’ Naaalala Ko ngang nangako Ako kay Abraham at sa kanyang binhi.”

420 Ganoon na ganoon nga rin sa atin. Kaya kung patay na kayo at ang inyong buhay ay natatago na sa Diyos, kay Cristo, walang kahit anuman sa sanlibutan ang makasasaling sa inyo. Ngayon, maaaring sa paglakad mo ay makagawa ka ng mali, subalit kung ikaw nga ay isang totoo, at tunay, na anak ng Diyos, at alam mo sa sarili mong nakagawa ka ng mali, babangon ka at magsisikap na makabalik. Siyanga, at hindi ka malulugmok na lang.

421 Subalit kung duwag ka, kung isa kang damong matinik, kung walang “bumangon ka riyon” sa loob-loob mo, sasabihin mo, “Ah, marahil, hindi naman kasi ganoong kaimportante Ito, ganoon na nga.”

422 Ang Kaharian ng Diyos ay gaya ng isang taong kumuha ng lambat at pumalaot sa dagat, inihulog iyon. Pagkatapos niyang ihulog, nakalambat siya ng mga pagong, palaka, mga ahas, mga butiki, mga gagamba, at isda. Ganyan nga ang Ebanghelyo kapag ipinapangaral Ito.

423 Gaya na lang ng sasabihin ng Panginoon sa isang ministro, gaya ni Kapatid na Graham, “Humayo ka *rito*. Pumunta ka sa dakong *ito* at mangisda pansumandali, Kapatid na Graham.” Pagkatapos, kukunin na niya ang kanyang lambat at paroroon at palulutangin ang kanyang lambat nang paikot sa tubig.

“Saan ka pupunta, Kapatid na Bill?”

“Pupunta ako sa iba namang dako, at maghuhulog ng lambat sa dako namang *ito*.”

424 Hinahatak ko na po, “Heto na po sila, Panginoon, Ikaw po ang nakakaalam kung ano sila.” Hahatakin kong muli ang lambat, “Hayan na po, heto na sila, Panginoon.”

425 Ngayon, ang pagong ay isang pagong, simula’t sapul. Dire-diretso ka lang doon sa lambat. Siyanga. At hayan nga’t ang mga tao ay nalalambat din ng emosyon, “Oh, Hallelujah! Hallelujah! Purihin ang Panginoon. Luwalhatiin ang Diyos. Hallelujah!” Dire-diretso lang sila sa lambat, ganoon lang.

426 Kung ang kinagisnang espiritu ng Pagong ay nasa kanila pa rin, hindi magtatagal, sasabihin nila, “Buweno, masasabi ko lang. . .” Hayan nga siya, unti-unti nang bumabalik sa dati.

427 At sasabihin naman ng matandang babaing Ulang, “Kasi naman hindi ko talaga maunawaan Iyon.” Kita n’yo?

428 Si Bb. Gagamba naman na paupo-upo sa tabi, maya-maya n’yan “tong, tong, tong,” naroon na siyang muli sa dating gawi, “Buweno, hindi naman kasi ganoong kaespesyal Iyon, ganoon na nga.”

429 Sasabihin naman ni Bb. Ahas, “Aba’y, sangkumpol lang sila ng mga holy-roller. Yun lang ang meron Doon. Makapunta na nga lang sa dako kung saan mas may katinuan ang pinag-gagagawa.” Aba’y, ahas ka nga, sa simula’t sapul. Nasama ka lang doon sa lambat ng Ebanghelyo, ganoon nga.

430 Subalit dinadala ang isda sa dulang ng Panginoon. Isda na siya, sa simula’t sapul. Ang Binhi niya ay isang isda. Isda na siya, sa simula pa lang, at nakikilala ng Diyos ang Kanyang isda mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan. Hallelujah!

431 Tandaan n’yo, lahat sila’y humihinga sa iisang maputik na katubigan doon. Sa iisang sapa lang silang lahat nabubuhay. Siyanga. “Tayong lahat ay . . . nagsiinom sa siyang Espirituwal na Bato. Nagsikain ang lahat ng mana sa ilang.” Kinain nina Caleb at Josue ang siya ring mana na—na kinain ng iba pa. At nangabuwal silang lahat sa ilang. Subalit may dalawang hinirang na nakapasok, at pumasok nga sila. Siyanga.

432 “Nagsiinom tayong lahat sa iisang Bukal.” Ngunit hindi lahat ng nagsiinom ay ligtas. Nagsigawan tayong lahat nang magkakasama. Nagalak tayong lahat nang sama-sama. Subalit ang mga Hinirang ay ligtas. Napansin n’yo ba? Sabi rito, “Ang dalawang espiritu, sa mga huling araw, ay magiging magkatulad na magkatulad hanggang sa dadayain nito ang mismong Hinirang kung maaari,” *kung* maaari. Kita n’yo? Hayan nga ang tunay na Espiritu ng Diyos, hinirang sa Buhay na Walang Hanggan.

433 Ngayon magtatapos na tayo. Pagkatapos ay itutuloy ni Kapatid na Neville kung saan ako magtatapos dito. Sige.

Ito nga ang aking sinasabi, ang isang pakikipagtipang, pinagtibay na nang una ng Dios kay Cristo, ang kautusan, na apat na raang taon, na sumipot nang makaraan ang apat na raan at tatlumpung taon, ay hindi mapawawalang kabuluhan, ano pa’t upang pawalang kabuluhan ang pangako.

Iyan nga ang pangako ng Diyos na ibinigay kay Abraham, bago pa man magkaroon ng kautusan.

Sapagka’t kung ang—sapagkat kung ang mana ay sa pamamagitan ng kautusan, ay hindi na sa pamamagitan

ng pangako: datapuwa't ipinagkaloob ng Dios kay Abraham sa pamamagitan ng pangako.

Hindi nga sa pamamagitan ng anumang ginagawa n'yo, hindi sa pamamagitan ng anumang kautusan, anumang kautusan sa inyong iglesya, sa pakikianib man sa iglesya, o anumang kautusan. Ito ay sadyang sa biyaya ng Diyos, sa inyo. Hayan nga.

⁴³⁴ Masdan.

Ano nga ang kabuluhan ng kautusan? Idinagdag dahil sa pagsalangsang, hanggang sa pumarito ang binhi na siyang pinangakuan; . . .

Hindi ba't kasing linaw 'yan ng nakikita n'yo namang may ilong ako sa mukha? "Idinagdag ito, upang magkaroon ng kabuluhan hanggang sa pumarito ang Binhi, na si Cristo, ang Siyang pinangakuan."

. . . at ito'y iniutos sa pamamagitan ng mga anghel at sa mga kamay ng isang tagapamagitan.

Ngayon ang isang tagapamagitan ay hindi tagapamagitan ng iisa; datapuwa't ang Dios ay iisa.

⁴³⁵ Ngayon, iiwan ko ito rito, simula rito para kay Kapatid na Neville, para sa darating na Miyerkules.

⁴³⁶ Ngayon nauunawaan na ba n'yo kung ano ang naipangaral sa atin? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Na hindi nga maaaring ang isang Cristianong naipanganak na muli. . . Hindi ko tinutukoy, 'yung, *nag-aangkin* lang, na "naipanganak na muli." Ang tinutukoy ko, ay 'yung tunay, na naipanganak na muling Cristiano, na ang mawalay siya sa biyaya, ay hindi nga maaaring mangyari. Maaari nga siyang mahulog, siyanga, ngunit hindi siya maaari, kahit kailan, mawawalay sa biyayang iyon.

Nahulog noon si Abraham mula sa biyaya. Tunay, nahulog nga siya. Sinabihan na siya ng Diyos na "manatili roon." Nagpunta siya kung saan-saan, ngunit kailanman ay hindi niya naiwaglit ang kanyang tipan. Siya'y pinili pa rin ng Diyos. Siya'y ang propetang nakaupo roon. Siya nga. Mananatili siyang sa Diyos sa tuwina.

⁴³⁷ Ngayon pansinin n'yo. Sinabi ng Biblia, na, "Ang buong Israel ay maliligtas." Ilan ang nakakaalam nun? Sinabi ng Biblia, "Ang buong sa Israel ay maliligtas." Ngayon, "Ang Israel ay hindi yaong Israel na buhat sa laman, kundi Israel na buhat sa Espiritu, sapagkat ang mga kaloob at pagtawag ay hindi nagbabago." Hindi ba't Iyan ang sabi ng Biblia, sa kasunod na talata? Mga Taga-Galacia. Ngayon. "Ang buong Israel ay maliligtas. Ang bawat isa sa kanila ay ligtas." Papaano tayo magiging Israel? "Inaring mga patay kay Cristo, ariing Binhi kayo ni Abraham, at tayo nga'y mga tagapagmana ayon sa pangako."

438 Sabi ni Pablo, “Hindi Hudyo kung sa labas lamang, kundi sa loob, ay isang Hudyo, Yaong mga pinangakuan.” At tayo’y mga Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng pangako, kay Cristo, tinatanggap Siya bilang ating sariling Tagapagligtas.

439 Oh, umaasa po akong makikita n’yo ito. Umaasa akong mauunawaan n’yo ito, kung mapagbubulay-bulayan n’yo Ito nang kahit kaunting panahon. Ngayon sa dako rito’y tatapusin na natin ito, pagkatapos ay uumpisahan na natin ang tungkol kay Melquisedec, na ibinabalik tayo rito. Sisimulan na nga natin ’yan. . . Oh, sadyang Ito’y, ang lahat nga nito’y kay inam namang talaga. Hayan nga’t umuusad na tayo papunta roon sa pinaka krema.

440 Ngayon, kita n’yo, kung Ito’y kukunin n’yo sa ganitong kuha, para bang, kung babasahin n’yo nga Ito sa pananaw. . . Na katulad dun sa isang saradong trinitaryan, na naniniwalang may tatlong Diyos, na ang sabi sa akin minsan, na, “Ganap daw na ipinapahayag doon sa Mateo 3 na may tatlo, tatlong indibiduwal na mga Persona sa pagka-Diyos.”

441 Sabi ko, “Kailangan kong makita iyon.”

442 Sabi niya, “Tingnan mo.” Nakatayo siya sa pulpitong ito, sabi niya, “Tingnan mo rito, Mateo 3.” Sabi, “Noong pagdaka’y umahon si Jesus sa tubig, narito, nangabuksan sa Kanya ang mga langit. At nakita Niya ang Espiritu ng Diyos na gaya ng isang kalapati. At sinasabi ng Tinig mula sa Langit, ‘Ito ang sinisinta Kong Anak na siya Kong lubos na kinalulugdan.’ At may tatlo nga raw: ang Anak sa pampang; ang Espiritu Santo sa pagitan; ang Ama doon sa itaas.”

Sabi ko, “Kapatid, hindi naman *ganyan* ang pagkabasa n’yan sa Kasulatan.”

“Oh, siyanga, ganoon nga ito.”

Sabi ko, “Ngayon basahin mo Itong muli, alamin mo kung ganoon nga ang pagkabasa Rito.”

443 Ngayon, ganito ang paglalarawan niya. *Heto* ang Diyos, ang Anak; *naroon* naman ang Diyos, ang Ama; *heto* naman ang Diyos, ang Espiritu Santo, gaya ng isang kalapati. Ngayon masdan n’yo. Ang sabi ng Biblia, noong mabautismuhan si Jesus, “Pagdaka’y umahon ang Anak sa tubig, narito, nangabuksan sa itaas Niya ang mga langit. At isang Tinig na nagsasabi. . . Nakita Niya ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu ng Diyos, na gaya ng isang kalapati.” Hindi ibang Persona ang *naroon* sa itaas, kundi ang Espiritu ng Diyos ay yaong Kalapati na nasa itaas Niya. At narito ang isang Tinig, nagsasabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, na siya Kong lubos na kinalulugdang panahanan.” Ngayon basahin n’yo ang Mateo 3 at tingnan n’yo kung hindi ba ganoon ang pagkakasabi Nito. Kita n’yo? Hindi tatlong tao, hindi nga.

444 At sa ganoon ding paraan...Hindi nito sinasabing di maaaring makabalik pa kailanman ang isang tao, pagkatapos, niyang mag-backslide. Hindi ganoon ang pagkakasabi nito. Hindi ganoon ang pagkakasabi. Ang sabi, “Hindi maaaring makabalik pa kailanman ang isang tao upang baguhin ang kanyang sarili, matapos na siya’y minsan nang naparoon.” Hindi nga niya kayang gawin ang gayon.

445 Sinasabi ng Biblia, “Ang naipanganak ng Diyos, ay hindi nagkakasala, sapagkat hindi siya maaaring magkasala. Sapagkat ang Binhi ng Diyos ay nananahan sa Kanya, at hindi siya maaaring magkasala.” Papaano nga akong matatawag na isang makasalanang, gayong may isang haing inalay roon upang pumalit sa lugar ko? Papaano pa akong mamamatay, kung nabayaran na ang kamatayan para sa akin? Papaano pa akong mamamatay, kung mayroon na akong Buhay na Walang Hanggan? Magagawa ko ba iyon? Hindi n’yo magagawa iyon.

446 Papaano ngang mayroon ako nitong kasulatan mula sa alkalde ng bayan na nagpapahintulot sa akin, na maaari akong magmaneho sa bayan sa bilis ng animnapung milya kada oras, tapos huhulihin ako ng pulis sa pagpapatakbo ng animnapung milya kada oras? Papaano ngang mangyayari ’yun? May kasulatan ako mula sa alkalde na nagsasabing maaari kong gawin iyon. Hindi niya ako puwedeng hulihin. Kung huhulihin niya—niya ako, maaari nga niyang hipan ang kanyang silbato at kung anu-ano pa, at babalewalain ko lang ’yun. Hindi ko ’yun papansinin; may pahintulot kasi ako.

447 At papaano nga, kung magkagayon, na nang mamatay si Cristo para sa akin at ako’y naging Kanyang katuwiran dahil sa Kanyang biyaya at pag-ibig sa akin? Papaano pa nga ako magkakasala, gayong may bagay na nakahain doon sa pagitan ko at ng Diyos, isang hain? Hindi na ako maaaring magkasala pa. Hindi na maaari pa. Hindi na ako ang nakikita ng Diyos; si Cristo na ang Kanyang nakikita. Nakatayo siya sa lugar ko. At kung makagawa man ako ng anumang pagkakamali, pumapalit si Cristo sa lugar ko. Ipinagtapat ko na ang aking pagkakasala, “Mali ako. Siya ang tama. Panginoon, talastas Mo ang puso ko. Alam Mo kung taos iyon sa kalooban ko o hindi. At nagkamali talaga ako. Patawarin Mo po ako.” Hindi na ’yun kailanman makikita pa ng Diyos. Natatakpan na ako ng Dugo ni Jesus, sa tuwi-tuwina. Kung gayo’y papaano pang ako ang makikita ng Diyos? Papaano pang ang kasalanan ay—ay maibibilang sa akin, gayong hindi naman Niya magagawa ’yun? Pagkatapos na pagkatapos na makagawa ako ng ganun, may kapatawaran agad. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] Siyanga.

448 Kagaya nga ’yan ng kukuha ka ng isang—isang maliit na pampatak na gaya *nito*, isang maliit na pampatak sa mata, at isasawsaw ’yun sa tintang itim hanggang mapuno at itatapat

'yun sa ibabaw ng isang batya ng pampaputi ng damit, at papatakan 'yun, at pagkatapos susubukan n'yong hanapin 'yun doon. Hayan nga't naging pampaputi na ng damit 'yun. Naging puti na 'yung tinta. At ganyan nga ang nangyayari, sa inyong mga kasalanang inyong ipinagtapat, kung kayo'y na kay Cristo na. Sa pagitan n'yo at ng Diyos ay isang batyang punung-puno ng pampaputi ng damit, at hayan nga't itinuwid na ang inyong kasalanan sapagkat naghihintay sa inyo roon ang isang Haing matuwid.

Pagdating ko sa ilog sa wakas ng panahon,
At ang ihip ng lumbay ay wala na;
Sa puso'y may pag-asang sa aki'y umaaliw,
Na sa Jordan ay di ako mag-iisa.

449 Napakainam nga nun. Napakainam talaga. Hindi ako mag-iisa. Isa sa mga araw na ito, papalapit na tayo sa dulo ng daan. Hihinto na sa pagsikat ang araw, at magtatawag na ang Diyos.

450 Babaling si Adan at yuyugyugin si Eba, at sasabihin, "Giliw, narito na. Oras na para gumising."

451 Babaling si Eba at hahawakan si Abel, sasabihin, "Halika na, anak. Oras na para gumising." Babaling si Abel kay Seth. At babaling naman si Seth kay Noe. Babaling si Noe kay . . . Oh, tuloy-tuloy lang, hanggang marating si Abraham, at tuloy-tuloy lang nang tuloy-tuloy. Magkakaroon ng matinding pagyugyog at paggising pagdating ng Anak ng Diyos. Tatayo tayo sa Kanyang wangis sa araw na iyon.

452 Ngayon, kung makagawa kayo ng pagkakasala sa dakong ito, sasagutin n'yo nga iyon. Akin nang . . .

453 Kanina ko pa ito naiisip, at sasabihin ko nga ito sa inyo. Sinusubukan kong pawiin 'yun, mga apat o limang beses na. Pero kailangan ko itong sabihin. Ilan dito ang nakakaalala sa isang kapatid na lalaking, pastor, na dating dumadalo rito sa church of God? Itong kapatid, na si, ano nga po 'yung pangalan niya? Dito sa Vorgang siya nagtrabaho noon. Oh, nakalimutan n'yo na yata . . . 'yung dito sa First church of God, dito sa may kanto lang. Yun ngang, dating nagtitinda ng Rawleigh's noong bumagsak noon ang—ang ekonomiya. Isang tunay na maka-Diyos, at banal na lalaki. Pumalit sa kanya roon si Kapatid na Smith. Sasabihin ko ang pangalan niya sa ilang minuto. Siya ay isa ngang taong iniligtas ng Diyos.

454 Tandaan n'yo, kung hindi kayo magpapatuwid, at gagawa kayo ng isang bagay na mali gayong isa na kayong Cristiano, babalaan nga kayo ng Diyos. At kapag hindi n'yo pakikilingan ang babala, aalisin na lamang niya kayo mula mismo sa lupa. Iyon nga ang ginawa Niya.

455 Naaalala n'yo po ba, sa Biblia? Tingnan n'yo ang iglesyang iyon sa Corinto. Sinabi niya sa kanila kung ano, ang posisyon

nila, kay Cristo. Ngunit binalaan niya rin sila kung anong magaganap. At kanilang itinama ang mga sarili, nagpatuwid sila, sa Diyos.

⁴⁵⁶ At ang mapagpakumbabang kapatid na ito, isa nga siyang kamangha-mangha't mapagpakumbabang kapatid, naniniwala ako, isa ngang lalaking iniligtas ng Diyos. At nakapasok nga siya ng trabaho rito sa . . . sa may Vorgang. Kung narito po ngayon ang ilan sa mga kamag-anakan niya, umaasa po akong hindi n'yo iisiping aking . . . hindi ko alam kung nakaupo man kayo rito ngayon. Hayan nga po, si Ramsey, si Kapatid na Ramsey, ilan ang nakakaalala kay Kapatid na Ramsey na dumadalo roon sa may church of God? Alam ko, naaalala n'yo, kahanga-hanga't napaka mapagpakumbabang lalaki. At dati-rati'y bumibisita siya dun sa bahay at nakakapag-kuwentuhan kami, at mauupo kami roon at iiyak at magkahawak pa kami n'yan ng kamay; isa ngang tunay na Cristiano.

⁴⁵⁷ Isang araw ay nagpunta nga ako roon, kagagaling ko lang noon sa ibayong dagat sa isang pagtitipon, at naisipan kong ipa-serbis 'yung kotse ko, sabi ni Kapatid na Ramsey, "Anong maipaglilingkod ko sa iyo, Billy?"

⁴⁵⁸ Sabi ko, "Ipase-serbis ko lang 'yung kotse ko, Kapatid na Ramsey. Palitan mo na ang langis."

⁴⁵⁹ "Sige," sabi niya, "walang problema." Sabi, "Mainam ba 'yung naging pagtitipon mo?"

⁴⁶⁰ Sabi ko, "Oh, Kapatid na Ramsey, kamangha-mangha talaga." Sabi ko, "Sana maisama kita minsan. Bakit hindi ka nga pala sumama sa akin?"

Sabi niya, "Hindi na ako naglilingkod sa Panginoon, Billy."

Nagpalinga-linga ako, sabi ko, "Anong sabi mo?"

⁴⁶¹ Parang wala lang sa kanya nung sabihin niyang, "Hindi na ako naglilingkod sa Kanya," lumakad na siyang palayo.

⁴⁶² Naisip ko, "Oh, sinasabi n'ya lang 'yun." Umalis muna ako, may pinuntahan.

⁴⁶³ Bumalik ako at sumakay na sa kotse. Nagmaneho na ako pauwi, at sinimulan kong pagbulay-bulayan 'yun, "Hindi na ako naglilingkod sa Panginoon."

⁴⁶⁴ Inilagay ng Panginoon sa puso kong bumalik at tanungin siyang muli. Kaya, sabi ko, "Meda, bantayan mo muna ang bahay."

⁴⁶⁵ At sumakay na ako, sumakay na ng kotse at nagbalik doon, huminto roon, nagpunta sa may Vorgang. Sabi ko, "Kapatid na Ramsey, may gusto akong itanong sa iyo."

Sabi, "Sige, Billy, ano 'yun?"

Sabi ko, "Sabi mo, kanina, hindi ka na naglilingkod sa Panginoon. Binibiro mo lang ako nun, hindi ba?"

Sabi niya, “Hindi.”

Sabi ko, “Kapatid na Ramsey, hindi ka—hindi ka seryoso hindi ba.”

Sabi niya, “Seryoso.”

Sabi ko, “Hindi mo na ba Siya iniibig?”

Sabi niya, “Kung iniibig ko Siya, paglilingkuran ko Siya. Ganoon ’yun hindi ba, Billy?” lumayo na siya.

Naisip ko, “Sandali lang, Kapatid na Ramsey!”

Sabi, “Ayaw ko nang pag-usapan pa ang tungkol doon.”

⁴⁶⁶ Umuwi ako, pumasok sa kuwarto, nagkulong doon. At, oh, napakabigat talaga nun sa kalooban, na para bang inagawan n’yo ng biskuwit ang isang bata o parang ganun, alam n’yo na. Naisip ko—naisip ko, “Ano? Hindi ’yun maaari. Siguradong may nangyaring kung ano kay Kapatid na Ramsey.”

⁴⁶⁷ At may isang maitim na binatilyong, ang pangalan ay Jimmy, dumadalo siya rito sa simbahan. Yung isang paa niya, alam n’yo; paika-ika siya, nang kaunti. Nakalimutan ko na ang pangalan niya, nagtrabaho siya roon sa may Vorgang, taga-maneho siya nung trak na taga-hatak ng kotse. Nakasalubong niya ako, at sabi niya, “Alam mo, Rev. Branham,” sabi niya, “Hindi ko maintindihan itong si Dr. Ramsey.” Sabi niya, “Nakausap ko siya, noong isang araw, sabi, ‘Natatakot nga kaming lahat na magkuwento ng anuman.’ Sabi, ‘Isa ka kasing taong banal.’ Hayan nga’t,” sabi, “Kinuha niya ’yung lisensya niya na patunay na isa siyang mangangaral at lumapit doon sa basurahan at pinagpupunit ’yun, at itinapon ’yung pira-piraso nun sa basurahan, tapos sabi, ‘Ayaw ko nang magkaroon pa ng anumang kinalaman dito.’”

Sabi nung binatilyo, “Naku, ginoo!” Sabi, “Hindi ba’t hindi n’yo dapat ginagawa ang ganyan.”

Sagot nito, “Oh, Jim, sawa na kasi ako sa paglilingkod sa Panginoon.”

Kaya nasabi tuloy nung binatilyo, sabi, “Hindi naman kayo siguro seryoso sa sinasabi n’yong ’yan.”

⁴⁶⁸ At pagkatapos daw, “Sinabi raw sa kanya, nagbilin daw na papasok siya para magliha nung mga balbula nung kotse niya, Araw ng Manggagawa noon,” sa pagkaka-alala ko ’yun ngang araw na ’yun. “At sabi nito, ‘Ngayon, gusto kong pumasok ka para matulungan ako, Jim.’”

⁴⁶⁹ Sabi nung binatilyo, “Tutulungan ko po kayo pagkagaling ko na ng simbahan, pero bago ’yan magsisimba po muna ako.”

⁴⁷⁰ Sabi ay bumalik siya roon, “At nililiha nga noon si G. Ramsey ’yung mga balbula ng kotse niya. Sabi niya, ‘Jimmy, dumaan ka nga sa may ilog. Sarado kasi ang mga inuman ng

alak dito. Dumaan ka sa may ilog at ikuha mo ako ng isang kaha ng serbesa.”

471 Sabi niya, “G. Ramsey, nagkasala ako sa maraming bagay, ngunit hindi ako kailanman magkakasala ng pagkuha ng isang kaha ng serbesa para sa isang lingkod ng Panginoon.” Sabi niya, “Ayaw ko, po. Hindi ko po gagawin iyon kailanman.”

472 At sabi nito, “Sige, na. Ikuha mo na ako, Jim.”

473 Sabi nung binatilyo, “G. Ramsey, ako na ang bahala sa pagliliha ng mga balbula n’yo. Pero kung gusto n’yo po talaga ng serbesa, kayo na po mismo ang kumuha.” Sabi pa, “Hindi ko kailanman ikukuha ang isang lingkod ng Panginoon ng kagaya nun.”

474 Kaya sumakay si Ramsey sa sasakyan ni Jimmy, pumaroon sa may ilog; bumalik, medyo pasuray-suray na, may dala-dala ng kaha ng serbesa, iniinom ’yun.

475 Nagsimulang bumagsak ang katawan niya, at nagkasakit. Kita n’yo? Hindi na siya maaring kausapin ng Diyos. Binalaan ko na siya noon, ginawa ko nang lahat ng magagawa ko. Nagpunta sa kanya si Kapatid na Smith at binalaan siya. Maraming nagsikap na gawin ang magagawa nila para sa kanya. Sa likod ng lahat, umiling lang siya. Anong nangyari? Nagkasakit siya at namatay. Ipinapakita lang n’yan na ligtas siya. Kung hindi magawa ng Diyos na siya’y . . . pasunurin siya, Kanya ngang kukunin na lang siya mula sa lupa at iuuwi na sa Tahanan. Ganyan nga mismo ang sinabi ng Biblia. Ipinangako ’yan ng Biblia. Kung hindi ka magpapatuwid, kailangan mo na ngang umuwi ng Tahanan.

476 Kaya hindi ka maaaring mawaglit ng Diyos pagkatapos na ika’y Kanya nang iligtas, ngunit maaari nga Niyang paikliin ang mga araw mo rito, at panagutin ka sa bawat kasalanan na nagawa mo. Kaya, kung nagkasala ka, kinakailangan mong managot para sa ginawa mo. Tadaan n’yo ’yan.

477 Ngayon, sumainyo nawa ang Panginoon. Naniniwala akong, sa gabing ito, ligtas si Kapatid na Ramsey. Walang pag-aalinlangan ’yan, naniniwala ako riyan. Ngunit talagang ayaw niyang sumunod sa Diyos, at dahil ayaw na niyang sumunod sa Diyos, kinailangan na siyang iuwi ng Diyos. Iyon na lang ang bagay na magagawa, dahil, ano bang sabi dun? “Magdudulot lang siya ng kakutyaan at kahihyan sa Dugo na nagpabanal sa kanya.” Hindi nga ba? “At umaring di banal ang tipan,” hayan nga’t ’yan ang sinabi ng sulat na ito para sa mga Hebreo. Kita n’yo? Hindi siya maaaring mapahamak, ngunit magdudulot siya ng kakutyaan at kahihyan, kaya kinakailangang kunin na siya ng Diyos mula sa lupa at iuwi na siya ng Tahanan. Ganoon na nga mismo ang nangyari.

Ngayon nawa'y magpala ang Panginoon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali para sa pananalangin.

⁴⁷⁸ Ngayon, kabanal-banalan at mapagbiyayang Ama, lubos nga kaming nagpapasalamat sa Iyo para sa pangako na taglay namin, na hindi Mo kami kailanman iiwan ni pababayaang man. Ipinangako Mong sasamahan Mo kami sa labkayin namin sa buhay, at maging sa kamatayan man ay nasa tabi Ka namin. Ipinangako Mo po sa amin na mayroon na kaming Buhay na Walang Hanggan. Ipinagkaloob Mo nga po ito sa amin nang walang bayad. Hindi na Ito mawawaglit pa sa amin kailanman. "Ang lahat ng lumalapit sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." At dahil ito'y Buhay na Walang Hanggan, wala na nga Itong katapusan, at ipinangako Mong ibabangon Mo kami sa huling araw. Lubos nga kaming nagpapasalamat dahil dito. At nagpapasalamat din kami na itinuturo ito sa amin ng Iyong Salita. Binibigyan kami nito ng tiyak na pag-asa. Ipinapaalam nito sa amin na ang aming Ama ay Pag-ibig. Mahal Niya kami, at kami'y pinili Niya. Sinabi Mo, "Ako'y hindi ninyo hinirang, ngunit kayo'y hinirang Ko at inihalal kayo." At akin ngang pinasasalamatan Ka, Ama, na Iyo pong ginawa ang gayon. At marami ang nangakaupo rito, ngayong gabi, at sila nga po'y inihalal na sa Buhay na Walang Hanggan, at tinanggap na si Jesus Cristo bilang kanilang personal na Tagapagligtas. At ang mga bunga ng Espiritu ay lumalakip na sa kanilang buhay: kaamuhan, kababaang-loob, kapakumbabaan, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihang. Kami nga'y nagpapasalamat para sa mga ito.

⁴⁷⁹ At dumadalangin kami, Ama, na kung may ilang naririto, ngayong gabi, na wala ang mga bungang ito para lumakip sa kanila, bagkus nakasandig sila sa mga tila kakatuwang mga karanasan, dahil naantig sila nun, at kung minsan, dahil nadala sila ng emosyon nila, gumaan po raw ang pakiramdam nila, maaaring napasigaw pa sila, maaaring nakagawa sila ng maraming bagay. Subalit, Ama, kung hindi nila taglay-taglay ang bunga ng Espiritu, na siyang nagpapanatili sa kanila sa araw-araw na punung-puno ng pag-ibig, nagpapatawad ng kanilang mga kaaway, itinatama ang kanilang mga kamalian, at namumuhay ng payapa at mapagmahal, at kalugod-lugod at mabait sa isa't isa, at isang kasigasigan para sa Iglesia, isang pag-ibig para kay Cristo at para sa Kanyang mga anak, Oh Diyos na Walang Hanggan, patawarin Mo po sila. Bagamat kasapi sila ng iglesia, mga kasapi ng katawan sa lupa, humayo nawa sila ngayon at isantabi yaong mga karnal, mga gawang patay, at magtumulin sa kasakdalan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Lumapit nawa sila sa Kanya na sakdal at Siya'y tanggapin bilang kabayaran para sa kanilang mga kasalanan, upang Siya'y tumayo bilang isang haing sakdal para sa isang nagkasalang lalaki at isang nagkasalang babae. At nawa'y mapagkalooban

silang biyaya Niyang pag-ibig at kapayapaan, hanggang sa makarating na sila sa Presensya ng Diyos upang mabuhay magpakailanman. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

Habang nakayuko ang ating mga ulo:

480 Kung mayroon po riyang nagnanais na ipagpalit ang isang karnal na buhay ng mga palatuntunan, ng mga bautismo, at ng kung anu-anong sensasyon, mga munting karnal na bagay na gaya n'yan, para sa isang tunay na pusong puno ng tunay na pag-ibig, na—na magagawa mong lumapit sa isang kaaway na kinamumuhian mong talaga, yakapin siya at sabihin, “Kapatid, ipapanalangin kita. Mahal kita.” Kung nais n'yong ipagpalit na ang karanasang 'yan ng mga karnal na bagay para sa isang tunay na karanasan ng pag-ibig, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay sa Diyos? At sabihin, “Diyos, tanggapin Mo ako ngayong gabi, at gawin Mo ako kung ano dapat ako.” Ipanalangin ko kayo, dito mismo sa pulpitong ito. Nais n'yo bang maipanalangin? Itaas n'yo ang inyong mga kamay.

481 Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. May iba pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. “Kaanib ako sa iglesya nang maraming taon.” Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likuran, binibini. “Hihilingin ko sa Diyos na bigyan ako ng kapayapaan.” Kayo ba . . . Kayo ba ay walang kapayapaan sa puso? Hindi ba kayo makapagpasya? Nag-aalinlangan ba kayo? Nagugulumihanan ba kayo? Nagdadalawang isip ba kayo kung ito ba'y tama o hindi? Sa inyong paglapit kay Cristo, lumalapit ba kayo na may lubos na katiyakan, isang pusong puno ng pag-ibig? Lumalapit ba kayo sa Kanya na walang isa mang pagkatakot, sinasabi, “Alam kong Siya ang aking Ama”?

482 At wala nang paghatol, lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan. Alam n'yo ito. At napapansin n'yo na ito sa inyong buhay: mapagmahal na kayo, magaan na para sa inyo ang magpatawad, magiliw na kayo, may kapayapaan na kayo, may kaamuan na kayo. Ang lahat nitong mga bunga ng Espiritu ay lumalakip na sa inyong buhay, araw-araw. At kung makagawa man kayo ng anumang bagay na mali, “Oh, naku.” Pagkaisip na pagkaisip n'yo pa lang na, “may nagawa kayong mali,” kaagad-agad n'yo itong itatama, sa oras ding 'yun. Hindi na kayo magpapalampas ng minuto, kikilos kayo agad at itatama 'yun. Kung hindi ganoon, buweno, wala pa sa inyo ang Espiritu ni Cristo. Maaaring mabuti kayong babae, maaaring mabuti kayong lalaki, maaaring kinikilala kayo sa iglesya, maaaring kinikilala kayo sa lugar n'yo, subalit nakapagpatuloy na ba kayo sa kasakdalang iyon, sa dakong iyon kung saan buong-buo na kayong nagtitiwala kay Cristo? At sa pamamagitan nito, binigyan na kayo ng katibayan. “Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ibinilang naman ito na katuwiran sa kanya.

Pagkatapos ay binigyan siya ng Diyos ng tatak ng pagtutuli, bilang katibayan.”

⁴⁸³ Ngayon sasabihin n’yo, “Sumasampalataya ako sa Diyos. Nagpahayag na ako.” Ngunit ibinigay na ba sa inyo ng Diyos ang tatak ng Espiritu Santo, sa inyong buhay, itong pag-ibig, kagalakan, mga bunga ng Espiritu, bilang patunay na ligtas na kayo? Kung hindi pa Niya ginawa iyon, kung gayo’y hindi pa Niya kinikilala ang inyong pananampalataya. Isa lamang ’yung pagpapahayag. Kung hindi pa Niya ito tinatanggap, may kung anong bagay na mali. Nais n’yo na bang tanggapin Siya, kung gayon? Itaas ninyo ang inyong kamay, kung mayroon pang may nais, bago tayo manalangin.

⁴⁸⁴ Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae. Pagpalain ka ng Diyos diyan, sa bandang likod. Pagpalain kayo ng Diyos. Sige. May iba pa po ba, bago tayo dumako sa pananalangin? Sige. Pagpalain ka ng Diyos, diyan, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Siyanga. May nasa sampu, labinlimang kamay ang tumaas.

Ngayon manalangin tayo.

⁴⁸⁵ Banal na Panginoon, sa kanilang kinauupuan, nais nilang makasumpong ng isang altar. Sa kanila ngang kinauupuan, kung saan sila nakaupo ngayon, nangusap Ka sa kanilang mga puso, na sila’y “nagkamali.” Sa kanilang kinauupuan ay naglagay Ka ng isang pagnanais sa kanilang puso, na kanilang “inaasam na higit pang maging gaya ni Jesus.”

⁴⁸⁶ Ninanais nilang mabago ang kanilang buhay. Ninanais nilang maging maamo at mapagpakumbaba. Ninanais nilang magkaroon ng magandang kalooban at puno ng pagtitiis. Ninanais nilang maging mapagpahinuhod, mapagbata. Ninanais nilang maging lubusang gaya ng Cristiano, lubos na gaya ni Cristo, hanggang sa sabihin ng sanlibutan, sa paglalakad nila sa kalsada, “Ang lalaking ’yan ay totoong Cristiano. Ang babaing ’yan ay totoong Cristiano. Oh, sila ang pinakamagiliw, pinakamaamo, pinakakalugod-lugod na mga tao!”

⁴⁸⁷ Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, na kanilang tanggapin ang karanasang iyon, ngayong gabi. At huwag nawa silang sumandig sa kakayahan ng kanilang simbahan, sa kanilang mga pakikisapi sa anumang iglesya, anumang denominasyon; o ni sa kanilang mga emosyon, sa anumang bagay na kahali-halina, gaya ng pagpapadala sa emosyon, o sa kung anu-anong bagay na nangyari sa kanila; sumigaw man sila, nakapagsalita man ng iba’t ibang wika, o ano man.

⁴⁸⁸ Oh Walang Hanggang Diyos, huwag Mo silang hayaang ipagkatiwala ang pagpunta nila ng Langit sa pamamagitan nun, sapagkat nakita na namin itong kalunos-lunos na nabigo nang napakarami nang beses. At sinabi Mo ngang mabibigo

ito, “Kahit maging mga wika, ay titigil! Maging propesiya, ay mawawala. Maging kaalaman, ay mawawala. Oh, maging ang lahat ng mga bagay na ito, maging mga kaloob, mga himala ng kagalingan, ay mangatatapos. Tanging ang Banal na pag-ibig ang magtatagal.”

⁴⁸⁹ Diyos, likhain Mo po iyon sa kanilang puso, at ipaalam sa kanila na iyon ang Espiritung nagbibigay bunga. Iyo nawang gawin ito ngayon, Panginoon, habang naghihintay kami sa Iyo, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁴⁹⁰ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Nagliliparan ang mga bola ng apoy, at may mga kalapating pabalik-balik sa gusali, si Cristo ay nariyang papasok na may mga tinik sa Kanyang mga kamay, at nasa Kanyang. . . Oh, alam ba n’yong pakana ’yan ng anticristo? Kanyang sinabi, “Kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, ay magsitingala kayo, malapit na ang pagkatubos ninyo.” Iyan nga ang dahilan kung bakit gustong-gusto kong magtumulin ang iglesya sa bawat minuto, at ihanda kayong matatag. Maaaring hindi natin makakasama sa habang panahon si Kapatid na Neville. Naniniwala akong si Kapatid na Neville ay isang magaling, at mahusay na tagapagturo ng Ebanghelyo. Hindi natin alam kung anong maaaring dumating sa pulpito rito, at, kapag dumating nga iyon dito, “Alam ng Aking tupa ang Aking Tinig.” Manatili kayo sa Salitang iyan. Huwag na huwag n’yong iiwan kailanman ang Salitang iyan. Manatili kayo mismo Rito. Magsitibay nga kayo sa kalayaan na pinalaya na kayo ni Cristo. Huwag kayong pasakop sa lahat ng mga pamatok ng pagkaaliping iyon at sa iba pa. Magpakatibay kayo, at maging malaya. Pagpapalain kayo ng Diyos. Wala na tayong dapat katakutan pa sa sanlibutan.

⁴⁹¹ Lagi kayong nag-aalinlangan. Napapansin kong may mga lumalapit para maipanalangin, makikipagsiksikan sa pila. Kapag may mababalitaang bagong malakihang gawain ng pagpapagaling, pipila sila *rito*, pipila sila sa isang *ito*. Hindi ko sila binabatikos. Sinisikap nilang makasumpong ng ginhawa, subalit mali ang daang kanilang tinatahak. Kabaligtaran ang ginagawa n’yo, sa sinabi ng Diyos na gawin. Kita n’yo? Kung makalalapit lamang kayo na buo ang loob sa Luklukan ng biyaya, at sasampalataya, na, “Humingi kayo, kayo ay makatatanggap.” Manatili kayo Roon. Ganyan nga ang dapat n’yong gawin; hindi lang basta palipat-lipat mula sa isang misyon sa isa pa, sa isang iglesya sa isa pa, sa isang malakihang gawain sa isa pa.

⁴⁹² Hayan nga’t, nagiging walang kabuluhan sa kanila ang mga malakihang gawaing ito ng pagpapagaling. Tunay, nga. Nagiging dako na lang ito kung saan, ang mga matatalino, ay pamatyag-matyag sa paligid at sa isip-isip nila’y ano ba talaga ito. Hayan nga’t, ayaw ng Diyos ang mga gayong bagay. Hindi nga kinailalangang idaan pa sa naglalakihang mga gawain

ang pagpapagaling. Dapat ngang may pagpapagaling sa bawat lokal na iglesya, kumikilos ang lahat ng mga kaloob. Hayan rin at huwag kayong tumuon na lamang sa mga kaloob na iyan. Huwag n'yong ituon ang inyong isip sa kaloob. Kung nais kayong gamitin ng Diyos para sa isang bagay, gagawin Niya iyon. Ngunit, ituon n'yo ang inyong diwa sa Tagapagkaloob.

⁴⁹³ Si Martin Luther, minsan pagkatapos niyang magsalita ng mga wika, tinanong siya kung bakit hindi niya ipinangaral iyon, sabi niya, “Kung ipinangaral ko iyon, titingin na lang ang mga tao ko sa kaloob sa halip na sa Tagapagkaloob.” Siyanga.

⁴⁹⁴ Si Moody, minsan, nakapagsalita rin, at nangyari nga 'yun, noong lubos na siyang napupuspos, nagsalita siya ng mga wika. Sabi niya, “Diyos, patawarin Mo ako sa pagsasalita ng walang kabuluhan.” Hayan nga. Kita n'yo? At nangyayari rin sa kanila ang mga bagay na iyon. Pinaniniwalaan natin ang mga bagay na iyon, ngunit kinakailangang mailagay sila sa tama nilang kalalagyan. At hindi dapat sila maitakdang mga katunayan.

⁴⁹⁵ Walang kahit ano sa Biblia, na masasabing “katunayan ng Espiritu Santo,” maliban sa mga bunga ng Espiritu lamang. Sige nga't hagilapin n'yo kung hindi 'yan ang sinabi ni Jesus. Iyon, nga. Ang katunayan ng Banal na Espiritu ay ang bunga ng inyong Espiritu. Sinabi nga ni Jesus, “Sa kanilang bunga ay makikilala ninyo sila.” “At ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kapayapaan, kagandang-loob, kaamuan. At ang bunga ng kaaway ay pagkapoot, pagkamuhi, masamang hangad, pakikipag-alitan, at iba pa; 'yun ang bunga ng kaaway.” Kaya, mapatutunayan n'yo nga sa paraan ng inyong pamumuhay, kung saan kayo nakatayo sa Diyos. Kung ang buong puso n'yo ay umiibig sa Kanya, at iniibig n'yo Siya at kayo'y magiliw, at namumuhay kasama Niya araw-araw, alam n'yong lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan. Kung hindi, at kayo'y kabaligtaran, nag-aanyong Cristiano lamang kayo. Siyanga. Hayan nga't, ang lahat ng karnal na panggagaya ay tiyak na mailalantad. Alam natin 'yan.

⁴⁹⁶ Kaya, huwag n'yong ipamuhay ang ganoong uri ng buhay, hindi n'yo naman dapat gawin 'yan. Bakit n'yo tatanggapin ang ibang bagay, gayong ang buong kalawakan sa itaas ay punung-puno na ng mabubuti at mga totoong bagay? Hayan nga. Pipiliin ko nga ang Diyos, 'yun ang nais ko. Amen.

⁴⁹⁷ Ngayon, mayroon ba ritong dumalo para maipanalangin? Kung kayo nga, itaas n'yo ang inyong kamay. Nagkaroon tayo kaninang umaga ng gawaing pagpapagaling. Kung gayon. . . Ito na po bang binibining narito? Sige, kapatid, maaari ka bang lumapit sa harap? At ang ating kapatid, na matanda sa iglesya, rito, lumapit po kayo ngayon para sa pagpapahid.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]
 . . . shine on me;
 Oh, shine on me, Lord, shine on me,
 Let the Light from the lighthouse shine on me.

498 Hindi ba't Siya'y kamangha-mangha talaga? Iyuko natin ang ating mga ulo, nang totoong taimtim ngayon. At, *Shine On Me*, ulitin natin. Ngayon, awitin po natin, bawat isa, ngayon, "Shine . . ." Sambahin n'yo Siya sa inyong kaluluwa sa mga oras na ito, sige po, nang buong kataimtiman. Dadako na tayo sa gawaing pagpapagaling. Tapos na ang mensahe. Sumamba po tayo.

Let the Light from the lighthouse shine on me;
 Oh, shine on me, Lord, shine on me.
 Let the Light from the lighthouse shine on me.

Just to be like Jesus, to be like Jesus,
 Oh, on earth I long to be like Him;
 All through life's journey from earth to Glory,
 I only ask to be like Him.

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,
 Come where the dewdrops of mercy are bright;
 Shine all around us, by day and by night,
 Jesus, the Light of the world.

All ye saints of Light proclaim,
 Jesus, the Light of the world,
 Then the bells of Heaven will ring,
 Jesus, the Light of . . .

Tanggapin Mo po kami, Panginoon, habang sinasamba Ka namin.

We'll walk in the Light, beautiful Light,
 Come where the dewdrops of mercy are bright;
 Shine all around us by day and by night,
 Jesus the Light of the world.

499 Hindi ba't gustong-gusto n'yo ang paglilinis na 'yun? Bumuti ba ang inyong pakiramdam? Itaas n'yo ang inyong kamay, kung gayon nga. May bagay na kahanga-hanga talaga tungkol sa mga makalumang awiting ito, mga makalumang himno, mas nanaisin ko pa ang mga ito kaysa sa lahat nitong mga makamundong awitin na ipinapasok na nila, sa mga iglesyang Cristiano. Gusto ko 'yang makaluma, gusto ko itong.

Jesus, keep me near the cross, (Kay ganda!)
 There a precious fountain,
 Free to all, a healing stream,
 Flows from Calvary fountain.

In the cross, in the cross,
 Oh, be my glory ever;
 Till my raptured soul will find
 Rest beyond the river.

500 Napakadali kong makapaiilanlang palabas ng sanlibutan kapag 'yan ang inaaawit. Kayo po? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kamangha-manghang talaga! Naayos na bang lahat? Alam n'yo, nagagalak akong naiayos na ito sa akin lahat. Nagagalak ba kayo? ["Amen."] Nabayaran na ang dating pagkakautang, matagal nang panahon. Sinabi ko sa Kanya, "Panginoon, ayaw kong magkaroon ng anumang aberya dun sa may ilog. Nais kong—nais kong ngayon na makatiyak." Nais ko Siyang makilala. Nais ko Siyang makilala.

501 May isang malaki, at madilim na hukay sa harapan ng bawat isa sa atin. Patungo tayo roon. Sa bawat pintig ng ating puso, palapit tayo nang palapit. Ngunit pagsapit ko roon, ayaw kong mamaluktot na gaya ng isang duwag, nais kong mabalot ang sarili sa mga balabal ng Kanyang katuwiran, sa pagpasok ko roon, nalalaman, na, "Nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli." Na, kapag tumawag na Siya, ay babangon ako mula sa mga patay. My . . .

502 *My Faith Looks Up To Thee*, awitin natin ito ngayon.

My faith looks up to Thee,
 Thou Lamb of Calvary,
 O Saviour Divine.
 Now hear me while I pray,
 Take all my sins away,
 Nor let me ever stray
 From Thee aside.

503 Ngayon, dakilang Guro, gaya nga ng itinuro Mo sa amin sa Iyong kahanga-hangang Salita, sadyang pumipintig ang aming mga puso sa galak, sa biyayang makapag-aagaw, na malamang lumipat na kami sa Buhay mula sa kamatayan. Dahil nga 'yan sa kabutihan ng aming Panginoong Jesus, Na tumawag sa amin, at nilinis kami sa Kanyang Dugo, at idinudulog kami sa harapan ng Luklukan ng Diyos, na walang kapintasan, walang kasalanan, sapagkat kinuha Niya ang aming mga kasalanan. At kami'y walang kasalanan. "Ipinasan ng Diyos sa Kanya ang kasamaan naming lahat, at Siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang." Oh, sadyang iniibig namin Siya, ang dakilang Cordero ng Diyos!

504 At dalangin namin, Ama, na pagkalooban mo po kami ng pagpapahayag, mga patotoo, upang maipamalita namin sa iba; upang kanilang makilala rin naman Siya, opo, at ibigin Siya, sapagkat Kanyang iniibig sila. Ipagkaloob Mo po sa amin ang biyayang ito.

At salamat sa Iyo, Ama, para sa mga bagong silang na mga sanggol na iyon na kapapasok lamang sa kaharian ng Diyos. Makahanap nawa sila ng iglesyang mapananahanan nila, at sa dakong 'yun ay paglingkuran Ka hanggang sa palayain na sila mula sa matandang katawang ito na lipos ng mga sakit at pighati, at iharap sila sa Kanya, na walang kapintasan, walang kasalanan, sa panahong darating, na may Buhay na Walang Hangan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.



ANG AKLAT NG MGA HEBREO

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org